*MODULE 6.2*

# CURRICULUM AND INSTRUCTION: ANG PAGTUTURO NG FILIPINO

*Teacher Induction Program*

Teacher Education Council, Department of Education

**Narcisa S. Sta. Ana, M.A. Ed.**
Writer

**Ma. Lourdes R. Baello, Ph. D**
Reviewer

**Cecilia D. Alip, Ed. D.**
Editor

***All rights reserved. This module may not be reproduced in any form without the permission of the Teacher Education Council, Department of Education.***

**Narcisa S. Sta. Ana, M.A. Ed.**
Writer

**Ma. Lourdes R. Baello, Ph. D**
Reviewer

**Cecilia D. Alip, Ed. D.**
Editor

***All rights reserved. This module may not be reproduced in any form without the permission of the Teacher Education Council, Department of Education.***

# PANIMULA

Mabuhay ka, bagong guro! Binabati kita dahil napabilang ka sa hanay ng mga bagong gurong kalahok sa Teacher Induction Program.

Ang modyul na ito ay sadyang sinulat para sa iyo, bagong guro ng Filipino! Matatagpuan mo rito ang mga batayang kaalaman at konseptong kailangang taglayin ng isang gurong nagtuturo ng Sining ng Komunikasyon. May balik-tanaw rin ang modyul sa mga kasanayang mahalaga sa pang-araw-araw na gawain mo sa klasrum.

Bago mo isagawa ang nilalaman ng modyul na ito, magpakilala ka muna. Sumulat ka ng isang talatang nauukol sa iyong sarili. Sundin ang pormat na nasa ibaba.

# LAYUNIN

Maraming batayang kaalamang nararapat alamin sa paaralang pampubliko ang bagong gurong tulad mo. Sa larangan ng kurikulum, pinakamahalaga ang kaalaman sa asignaturang iyong ituturo.

**Anu-anong kasanayan at kaalaman ang**

**malilinang sa iyo ng modyul na ito?**

Sa kabuuan, naririto ang talaan ng mga kasanayang dapat mong maipamalas bilang guro ng asignaturang Filipino:

- Naipakikita ang lubos na pag-unawa sa mga katangian at mahahalagang salik sa pagkatuto ng wika
- Nauunawaan ang mahahalagang teorya at simulaing pinagbabatayan ng mga lapit at pagdulog sa pagtuturo ng wika
- Nakapaghahanda ng pang-araw-araw na aralin sa pagtuturo ng Filipino
- Naipaliliwanag ang hati ng mga ekspektasyong nakapaloob sa apat na makrong kasanayan sa Batayang Kurikulum
- Napipili at nagagamit ang mga angkop na istratehiya sa pagtuturo ng wika
- Nakagagamit ng iba't ibang istratehiya sa pagtataya ng pagkatuto

Buklatin mo ang pahina at matatagpuan mo ang nilalaman ng mga aralin sa modyul na ito.

# NILALAMAN

Tunghayan mo ang lawak ng nilalaman ng iyong modyul sa Filipino:

Aralin 1-Paano Ba Tayo Natututo ng Wika?

- Nagtataglay ng depinisyon ng wika at mga salik na kaugnay sa pagkatuto nito

Aralin 2-Ugnayan: Mga Teorya at Simulaing Pangwika sa mga Lapit at Pagdulog

- Nagpapaliwanag ng mga simulaing nakapaloob sa pagtuturo ng wika batay sa mga teorya, mula sa tradisyunal hanggang sa kontemporaryo

Aralin 3-Sa Unang Araw ng Pagtuturo: Paano ka Magsisimula?

- Naglalaman ng kaalaman at detalyadong paglalahad ng mga hakbang na susundin sa paghahanda ng banghay-aralin

Aralin 4-Ang Batayang Kurikulum, Mga Makrong Kasanayan at mga Istratehiyang Panturo

- Nagpapakilala ng Kurikulum ng DepEd, pamilyarisasyon sa mga layuning pampagtuturo at mga istratehiyang magagamit sa pagtuturo ng mga aralin

Aralin 5-Pagtataya at Ebalwasyon: Naging Matagumpay ba ang Proseso ng Pagkatuto?

- Naglalahad ng mga instrumentong pantaya at ebalwasyong maisasagawa upang mapaunlad ang pagtuturo

Bawat aralin sa modyul na ito ay nagtataglay ng sumusunod:

- Panimula
- Mga Layunin
- Teksto
- Mga Gawain
- Fidbak
- Mga Dapat Tandaan

May panimula at pangwakas na pagsusulit ang modyul. Sa bahagi ng mga aralin, makakatagpo tayo ng mga tanong sa sarili (TSS) na susukat ng naging kasanayan sa pag-unawa. Mayroon ding mga gawaing lilinang ng iyong kasanayan sa pagtuturo (Gawain). Nasa pahina 89-103 ang mga kasagutan sa TSS at ebalwasyon ng mga kasanayan (Gawain).Taglay ng glosari ang paliwanag o depinisyon ng ilang terminolohiyang ginamit sa mga aralin. Nasa Anoteyted Bibliyografi naman ang mga babasahing pinaghanguan ng mga konsepto at kaalaman.

Hindi man kita makakasama habang ginagawa mo ang modyul na ito, magagabayan ka naman ng mga susi sa pagwawasto na inihanda para sa iyo. Bibigyan ka ng modyul ng fidbak batay na rin sa iyong iskor o kinalabasan ng iyong mga gawain.

Maligayang pag-aaral sa iyo!

# TALAAN NG NILALAMAN


| | Pahina |
|---|---|
| **Panimula** | i |
| **Layunin** | ii |
| **Nilalaman ng modyul** | iii |
| **Panimulang pagsusulit** | 1 |
| **Aralin 1-Paano Ba Tayo Natututo ng Wika?** | 5 |
| ▪ Ano nga ba ang Wika? | 5 |
| ▪ Mahalagang Salik sa Pagkatuto ng Wika | 6 |
| **Aralin 2-Ugnayan: Mga Teorya at Simulaing Pangwika sa mga Lapit at Pagdulog** | 11 |
| ▪ Ang Simula …Mga Tradisyunal na Teorya sa Pagkatuto ng Wika | 11 |
| ▪ Ang Kasalukuyan: Mga Pagbabago sa Teoryang Pangwika | 13 |
| ▪ Mga Batayang Simulain sa Pagtuturo ng Wika | 14 |
| ▪ Mga Lapit at Pagdulog… Tugon sa mga Teorya at Simulain | 15 |
| ▪ Inobasyon… Pagpapatuloy at Pagbabago ng Tradisyon | 15 |
| ▪ Kontemporaryo: Ang Kasanayang Komunikatibo sa Pagtuturo ng Wika | 17 |
| **Aralin 3-Sa Unang Araw ng Pagtuturo…Paano Ka Magsisimula** | 20 |
| ▪ Bakit Mahalaga ang Banghay-aralin? | 20 |
| ▪ Paggawa ng Banghay Aralin | 24 |

**Aralin 4-Ang Batayang Kurikulum, Mga Makrong Kasanayan at mga Istratehiyang Pampagtuturo** 30

- Ang Batayang Kurikulum sa Pagtuturo ng Filipino 30
- Ang Apat na Makrong Kasanayan 32
- Mga Istratehiyang Pampagtuturo sa Elementarya at Sekundarya 33
- Pinatnubayang Pakikinig para sa Elementarya at Sekundarya 35
- Mga Istratehiya sa Pagtuturo ng Pagsasalita 38
- Ang Pagtuturo ng Pagbasa 42
- Ang Pagtuturo ng Pagsulat 54

**Aralin 5-Pagtataya at Ebalwasyon: Naging Matagumpay ba ang Proseso ng Pagkatuto?** 60

- Ang Pagtataya sa Klasrum 60
- Paghahanda ng Pagsusulit na Batay sa Performans 65
- Ano ang rubriks? 66
- Paghahanda ng Eksaminasyong Oral 68

**Glosari** 71

**Susi sa Pagwawasto (Panimulang Pagsusulit)** 72

**Susi sa Pagwawasto** 73

**Bibliografi** 91

# PANIMULANG PAGSUSULIT

Ano ang lawak ng iyong kabatiran hinggil sa asignaturang iyong ituturo? Sagutin mo ang panimulang pagsusulit sa ibaba upang mataya ang iyong kaalaman. Sundin ang mga tiyak na panuto.

1. Ano ang kahulugan ng wika?

2. Magtala ng mga salik na sa iyong palagay ay makaaapekto sa pagkatuto ng wika sa klasrum.

3-4. May mga tradisyunal at pangkasalukuyan o kontemporaryong teorya sa pagtuturo ng wika. Ano ang pangunahing katangian ng mga ito?

3. Tradisyunal

4. Kasanayang Komunikatibo

5. Ano ang pagkakaiba ng paglinang ng Kasanayang Pangwikang Akademik (Cognitive-Academic Language Proficiency-CALP) sa Batayang Kasanayan sa Interpersonal na Komunikasyon (Basic Interpersonal Communication Skills –BICS)?

6. Alin sa mga sumusunod ang *hindi* maituturing na isa sa mga komponent ng layuning pampagtuturo? Isulat ang titik ng tamang sagot.

   A. Afektiv B.Saykomotor C. Linggwistik D.Kognitiv

7-8. Nakatala sa ibaba ang apat na hati ng mga gawaing isinasagawa sa oras ng pagtuturo ng Filipino.Isulat sa patlang ang titik na kinabibilangan ng mga gawaing pampagtuturo

7. Pamukaw-siglang Gawain, Pangganyak na Tanong at Paghahawan ng mga Balakid

8. Paglalahad ng Aralin, Sintesis at Paglalahat

   A. Bahaging Naghahanda

   B. Bahaging Nagtuturo

   C. Bahaging Nagtataya

   D. Bahaging Nagbibigay-lunas/Nagpapayaman

9-12. Naririto ang ilang layuning matatagpuan sa hanay ng mga ekspektasyong nasa Batayang Kurikulum. Kilalanin at isulat ang makrong kasanayang kinabibilangan ng bawat isa.

9. Napag-uugnay-ugnay ang makabuluhang impormasyon sa pagsulat ng talata
10. Nakagagamit ng mga angkop na pananalita sa panghihikayat
11. Napipili ang mga salita sa pangungusap na nagbibigay-pahiwatig sa kahulugan ng mahirap na salita
12. Natutukoy ang pangunahing punto at mahahalagang detalye sa narinig na balita

13-16. Tayahin ang kakayahan sa paggamit ng mga lapit/pagdulog at istratehiya sa pagtuturo. Isulat ang titik ng tamang kasagutan sa bawat bilang.

13. Lima ang Yugto sa Proseso ng Pagdulog sa Pagsulat. Isulat ang titik ng ikaapat na hakbang sa proseso ng pagpapasulat.

   A. Paglalathala

   B. Editing

   C. Pagsulat ng Burador

D. Gawain Bago Sumulat

E. Rebisyon

14. Nakatutulong sa pag-unawa ng binabasa ang pagkabatid ng iskema ng mag-aaral, ang motibasyon sa nais nilang malaman at pagproseso ng kanilang nabatid matapos bumasa. Nilalagom ang mga natutuhan sa binasa sa mga grapikong pantulong. Ginagawa ito sa istratehiyang

A. Pag-iisip na Pabigkas

B. Story Grammar

C. Ugnayang Tanong-Sagot

D. KWL Plus o ANNA (Known, Want to know, Learned) o (Alam na, Nais malaman, Nabatid)

15. Layunin ng Bagong Kurikulum na makalinang ng mga mag-aaral na nakagagamit ng mga kasanayang pangwika sa pagkatuto ng iba pang asignatura. Nagbigay daan ito sa aling istratehiya ng pagtuturo ng wika?

A. Pagtuturong Gramatikal

B. Kasanayang Komunikatibo

C. Pagtuturong Batay sa Nilalaman

D. Batayang Interpersonal na Komunikasyon

16. Malaki ang nagagawa ng mga grapikong pantulong sa integrasyon at paglalagom ng kaisipang nakapaloob sa isang tekstong binasa. Alin sa mga grapikong pantulong sa ibaba ang mabisang nagagamit sa paghahambing ng katangian ng dalawang bagay, paksa, pangyayari o tauhan?

A. Hirarkikal na Dayagram

B. Klaster ng Konsepto

C. Venn Dayagram

D. Sayklikal na Tsart

17-18. Ang ebalwasyon at pagtaya ay dalawang mahalagang terminong ginagamit sa pagbibigay-halaga sa proseso ng pagkatuto sa klasrum. Isulat ang A kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Ebalwasyon at B kung ito ay nauukol sa Pagtaya.

17. Ito ang proseso ng pagkalap ng impormasyon hinggil sa mag-aaral sa layuning mabatid ang pag-unlad ng kanyang pagkatuto.

18. Ito ang proseso ng pagbibigay ng marka kaugnay ng antas ng pagkatuto ng mag-aaral.

19. Isulat ang titik ng mga pangungusap na naglalahad ng mga layunin sa pagbibigay ng Pantiyak na Pagsusulit.

A. Pagtataya upang mabigyan ng marka ang mag-aaral

B. Pagmomonitor kung epektibo ang pagtuturo ng guro

C. Pagtataya kung natutuhan ng mga mag-aaral ang liksyon

D. Pagsusuri at dagliang panlunas sa kahinaan ng mag-aaral


20. Alin-alin sa mga sumusunod ang maituturing na mga alternatibong istratehiya sa pagtataya? Isulat ang titik ng mga ito

A. Dyornal B. Markahang Pagsusulit C. Portfolio D. Tseklist

Ihambing ang iyong mga sagot sa Susi ng Pagwawasto na nasa katapusang bahagi ng modyul. Ano ang iyong iskor? Saang mga aytem ka nagkamali? Matatagpuan mo sa mga sumusunod na aralin ang mga tamang sagot at karagdagan pang kaalaman at pagpapaliwanag.

Inaasahang sa pagtatapos ng mga aralin sa modyul na ito, napaunlad mo na ang iyong kaalaman at kasanayan sa pagtuturo ng Filipino.

# ARALIN 1
# *PAANO BA TAYO NATUTUTO NG WIKA?*



## MGA LAYUNIN

Sa araling ito, matututuhan mo ang ilang mahahalagang bagay na makatutulong sa iyo bilang guro ng wika. Inaasahang magagamit mo ang mga kabatirang ito upang:

- Maipaliwanag ang mga aspekto ng wikang dapat mong linangin sa iyong mga mag-aaral
- Matukoy ang mga salik na dapat mong isaalang-alang upang maging matagumpay sa iyong pagtuturo

Magiging higit na mabisang guro ka ng wika kapag lubos na nalinang sa iyo ang mga kaalaman at kabatirang nabanggit.



## BASAHIN

### Ano nga ba ang wika?

Itinuturing na arbitraryong sistema ng mga tunog na ginagamit sa paghahatid at pagtanggap ng mensahe ang wika. Maaaring gawin ang pagpapahayag ng wika sa paraang pasulat o pasalita.

Pakikinig ang aspekto ng wika na nauukol sa aural o pabigkas na pagtanggap ng mensahe at Pagsasalita naman ang tawag sa aspekto ng paghahatid nito.

Pagsulat ang aspekto ng wika na ukol sa palimbag na paghahatid ng mensahe at Pagbasa naman ang tawag sa aspekto ng paghahatid nito.



**TSS 1.1**

Bilang guro ng komunikasyon, ano ang kahalagahan ng mga aspektong nabanggit sa iyong pagtuturo?

Tingnan mo ang tamang kasagutan sa p . 89 ng Susi sa Pagwawasto. Tama ba ang niyong sagot? Binabati kita pagkat batid mo na ang pangunahin mong tungkulin bilang guro ng wika.

## Mahalagang Salik sa Pagkatuto ng Wika

Upang maging matagumpay kang guro ng wika, isaisip mong lagi ang mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng wika sa kaligirang akademik. Maaaring uriin ang mga salik na nabanggit sa

1) Mag-aaral

2) Guro

3) Materyal

4) Istratehiya

5) Pagtaya

### *Ang Mag-aaral*

Ilan sa mga salik na may kaugnayan sa pagkatuto ng wika ang antas ng intelektwal na pag-unlad ng mag-aaral, haba o antas ng interes o atensyon at panatag na kalooban sa klasrum ng estudyante. Mahalaga rin ang intrinsik o panloob at ekstrinsik o panlabas na motibasyon.

Sa ilang pagkakataon, magiging mahalaga ang paggamit ng intrinsic na motibasyon at sa iba naman, ang ekstrinsik na motibasyon.

Binibigyang pansin na rin sa kaligirang akademik ang iba't-ibang uri ng katalinuhan. Kabilang sa mga talinong maaaring taglayin ng isang indibidwal ang:

- Lohikal-matematikal
- Linggwistik
- Musikal
- Biswal
- Kinestetik
- Interpersonal
- Intrapersonal
- Emosyonal



## TSS 1.2

- Ano ang kaugnayan ng uri ng katalinuhan sa antas ng pagtuturo ng mga mag-aaral?
- Kung ang mga mag-aaral na nasa iyong klase ay may iba't ibang uri ng katalinuhan, paano mo iaangkop ang iyong pagtuturo sa kanilang nagkakaibang mga katangian?



## BASAHIN

Nagiging mabilis at mabisa ang pagkatuto ng mag-aaral kung ang proseso ng pagkatuto ay gumagamit sa katalinuhan ng mag-aaral. Nararapat kung gayon na gumawa ang guro ng iba't ibang pamamaraan upang matugunan ang nagkakaibang katalinuhan ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto.

***Ang Guro***

Guro ang namamahala sa paghahanda ng mga makabuluhang gawain sa pagkatuto, karagdagang motibasyon sa mga mag-aaral at regular na pagtaya ng kanilang pag-unlad sa pag-aaral.

Bukod sa mga nabanggit, napakahalagang may malawak na kabatiran ang guro sa asignaturang kanyang itinuturo. Wika nga, “Hindi maibabahagi ng guro ang anumang bagay na hindi niya taglay.”

***Materyal***

Nakasalalay ang pagkatuto ng mag-aaral sa uri ng wika at materyal na ginagamit sa klasrum.



**TSS I.3**

- Sa iyong palagay, anu-anong uri ng materyal ang epektibong magagamit sa pagkatuto ng wika?
- Ano ang kahulugan ng realia at awtentikong materyal?

Nakuha mo ba ang tamang sagot? Sikapin mong maging balanse ang uri ng materyales na iyong gagamitin sa klasrum upang matiyak ang pananagumpay mo bilang guro.

***Istratehiya***

Kawili-wili at nakapupukaw ng interes ang paggamit sa klasrum ng mga kontemporaryong istratehiya sa pagtuturo ng wika. Mahalaga ang antas ng propesyunal na kaalaman ng isang guro sa mga istratehiya at pamamaraan ng pagtuturo ng wika.

Mapauunlad ng bagong gurong tulad mo ang iyong kasanayan sa paggamit ng mga makabagong istratehiya sa pamamagitan ng obserbasyon, pananaliksik,

pagdalo sa mga seminar, pagsali sa mga intrabisitasyon at panonood ng mga pakitang-turo.



## GAWAIN 1.1

Sa pamamagitan ng obserbasyon at panayam sa ilang master teacher ng Filipino, magtala ka ng ilang istratehiyang maaaring gamitin sa pagtuturo ng:

- Pakikinig
- Pagsasalita
- Pagbasa
- Pagsulat

Makakatulong ang mga istratehiyang iyong itinala sa iyong pagtuturo ng mga aspekto ng komunikasyon.

### *Pagtaya*

Tradisyunal man o alternatibo, pantiyak, panuri o laguman, mahalaga ang mga uri ng pantaya sa proseso ng pagkatuto.

Sa mga pasulat na pantaya:

- Panuring pagsusulit ang unang ibinibigay upang magkaroon ng paunang kabatiran sa kahinaan at kahusayan ng mag-aaral.
- Pantiyak na pagsusulit naman ang ibinibigay upang malaman kung gaano ang natutuhan ng mga mag-aaral matapos magturo ng isang kasanayan. Kadalasang isinasagawa ito pagkatapos ng isang liksyon.
- Lagumang pagsusulit ang isinasagawa kapag nalinang na ang serye ng ilang kasanayan o matapos ang isang yunit.

May mga alternatibong pantaya ring ginagamit upang mabatid ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral na hindi gumagamit ng mga pasulat na pagsusulit.



## GAWAIN 1.2

Tingnan ang Klas Rekord ng ibang guro ng Filipino. Anu-ano ang naging basehan ng guro sa pagtaya ng kakayahan ng mga mag-aaral?

Itala ang mga batayan ng pasulat na pagsusulit.

Itala ang mga batayan ng alternatibong pagtaya.

Ngayong natapos mo na ang araling ito, makabubuti marahil na lagi mong isaisip ang ilang mahahalagang puntos na makatutulong sa iyong pananagumpay bilang guro.



## DAPAT TANDAAN


- Laging isaisip ang kahulugan at kalikasan ng wika upang makalinang ng mga mag-aaral na epektibong nakagagamit nito.
- Isaalang-alang ang mga salik na positibong nakatutulong sa mabisang pagkatuto ng wika.

# ARALIN 2

# *UGNAYAN: MGA TEORYA AT SIMULAING PANGWIKA SA MGA LAPIT AT PAGDULOG*

## INTRODUKSYON

Batid mo na ang mahahalagang salik na dapat isaalang-alang sa pagkatuto ng wika. Pag-aaralan mo naman sa araling ito ang mga batayang teorya at simulain gayon din ang mga lapit at pagdulog sa pagtuturo ng Filipino.



## MGA LAYUNIN

Sa katapusan ng araling ito, inaasahang maisasakatuparan mo ang mga gawaing ito:

- Maipaliliwanag ang mga batayang teorya at simulain sa pagkatuto ng wika
- Maibibigay ang mga lapit at pagdulog na kaugnay ng mga batayang teoryang pangwika
- Masasabi ang implikasyon ng mga kontemporaryong teorya sa tunguhin ng iyong pagtuturo



## BASAHIN

### Ang Simula… Mga Tradisyunal na Teorya sa Pagkatuto ng Wika

***Teoryang Batay sa Gawi (Behaviorist)***

Nuong 1968, binigyang-diin ng behaviorist na si Skinner (Finocchiaro, 1986) ang kahalagahan ng pangganyak, pagsasanay at pagpapatibay upang malinang ang intelektwal na kakayahan sa wika ng mag-aaral.

***Teoryang Batay sa Kalikasan ng Mag-aaral (Innative)***

Naniniwala si Chomsky (Finnochiaro, 1986) na likas sa mga bata ang pagkatuto ng wika. Nagaganap ito sa pakikipamuhay ng isang bata sa kanyang sosyal na komunidad.

***Teoryang Kognitib***

Habang ginagamit ng tao ang wika, nakagagawa siya ng pagkakamali at natututo. Sa proseso ay nakabubuo siya ng mga tuntunin sa gamit ng wika.

***Teoryang Makatao (Humanist)***

Dito'y isinasaalang-alang ang payapa at positibong saloobin ng mag-aaral sa klasrum upang maging lubos ang pagkatuto niya ng wika.



**TSS 2.1**

- Ano ang implikasyon sa pagtuturo ng mga teoryang;
  Batay sa Gawi
  Batay sa Kalikasan ng Mag-aaral
  Kognitib
  Makatao

Tama ba ang iyong sagot? Kung tama, nangangahulugan itong batid mo na kung bakit may mga kinakailangang isagawa at may mga panuntunang dapat isaalang-alang ang guro sa kanyang silid-aralan.



# GAWAIN 2.1

Mangalap at magsuri ng tatlong halimbawang banghay-aralin sa pagtuturo ng wika.

Anu-ano ang mga hakbang ng pagtuturo sa Pamamaraang Pabuod?

Anu-ano ang mga hakbang ng pagtuturo sa Pamamaraang Pasaklaw?

Mayroon ka na ngayong gabay kung gagamitin mo ang Pamaraang Pasaklaw at Pabuod.



# BASAHIN

## Ang Kasalukuyan: Mga Pagbabago sa Teoryang Pangwika

Sa loob ng maraming panahon, binigyang-diin ang istruktura at wastong gamit nito sa pagtuturo ng wika. Sa kasalukuyan, higit na isinasaalang-alang ang pagkakaroon ng mag-aaral ng kakayahang gamitin ang wikang angkop sa pook, sitwasyon, panahon at layunin ng paggamit nito. Tinatawag itong kakayahang komunikatibo.

*Anu-ano ang isinasaalang-alang sa Pagtuturong batay sa Kakayahang Komunikatibo?*

- **Kaligirang Sosyal**

  1. *Gamit ng Wika*– May layunin ba itong magbigay-impormasyon, magtanong, magpahayag ng damdamin, sumang-ayon o sumalungat, manghikayat o makipag-ugnayan?

2. *Barayti ng Wika*-Isinasaalang-alang ba ang gamit ng diyalekto, kaligiran ng talastasan at register ng wika (pormal, impormal, paksa, lawak)?
3. *Kaalamang Kultural* –Inuunawa ba ang implikasyon ng wika sa kultura?

- **Kaligirang Saykolinggwistik**–Isinasaalang-alang ba ang mga nosyon, gamit ng wika at sitwasyon?
- **Linggwistik**–Binibigyang-pansin ba ang kahalagahan ng yunit ng tunog, salita, bokabularyo at gramatika sa pagbuo ng pahayag?



## TSS 2.2

Sa pangkalahatan, ano sa iyong palagay ang ipinagkaiba ng kasalukuyang teorya sa mga tradisyunal na teorya sa pagkatuto ng wika?

Tama ka ba? Mahalagang alam mo ang pagkakaiba ng mga teoryang nabanggit upang maging naaangkop rin ang iyong tunguhin bilang guro ng wika.



## BASAHIN

### Mga Batayang Simulain sa Pagtuturo ng Wika


*Simulaing Kognitib*–awtomatik na paggamit ng wika, pag-uugnay ng pinag-aaralan sa tunay na pangyayari, pangganyak sa tulong ng gantimpala, fidbak at papuri, pansariling istratehiya sa pagkatuto.

***Simulaing Linggwistik*** – awtomatik na paggamit ng istruktura sa talastasan.

***Simulaing Pansaloobin*** – kasiyahan sa mga mapanghamong gawaing pangwika, pag-uugnay ng wika sa kultura.

## Mga Lapit at Pagdulog… Tugon sa mga Teorya at Simulain

Suriin ang ugnayang teorya sa mga Lapit at Pagdulog sa tulong ng dayagram.




Nabanggit sa mga naunang pahina ang mga teorya at simulaing pangwika. Mula sa mga ito sumisibol naman ang mga lapit o dulog.

## Inobasyon… Pagpapatuloy at Pagbabago ng Tradisyon

Ang lapit o pagdulog ay set ng mga paniniwala o simulaing hango sa mga teoryang pangwika. Sa bawat lapit o pagdulog ay may set ng mga istratehiyang magagamit sa pagtuturo. Naririto ang ilan:

***Grammar Translation***

Nalilinang sa mga mag-aaral ang bokabularyo at tuntunin ng wika sa tulong ng pagsasalin. Ayon sa mga kritiko, labis itong nagbigay-diin sa istruktura o gramar ng wikang pinag-aaralan.

***Tuwiran o Direct Method***

Karaniwang binubuo ng tanungan at sagutan na kadalasan ay ukol sa kaganapan sa silid-aralan. Isinagawa ng Pranses na si Gouin (Finocchiaro, 1986) ang paggamit ng wika sa kaukulang kilos na isinasagawa.

***Dulog na Pagbasa***

Ang paggamit nito ay pinangunahan ng isang propesor na nagngangalang Coleman noong 1929. Ang istratehiyang ito ay pagsalungat sa labis na pagbibigay-

diin sa pasalitang pag-aaral ng wika. Ginamit ang pagpapabasa bilang paraan upang matuto ng wika ang mga mag-aaral, kasabay ng pag-aaral ng mga istrukturang gramatikal na matatagpuan sa mga teksto ng babasahin.

***Dulog Istruktural***

Kaugnay ng istratehiyang ito ang pananaw na ang pagkatuto ng wika ay may kinalaman sa paglinang ng ugali o gawi. Samakatwid, inalam ang mga istruktura ng wika at batay dito ay sinanay ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pag-uulit at pagsasaulo.

***Dulog Audio-Lingual***

Bilang reaksyon sa Dulog na Tuwiran at Pagbasa, gumamit ng mga modelong pagpapahayag. Sa mga klasrum ay nauso ang pagsasaulo at paggagad ng mga huwarang pangungusap. Nagsimula ang lapit na Audio Lingual kung saan gumamit ng mga tape recorder, larawan, pelikula, slides at iba pang biswal upang mapadali ang pagkatuto ng wika.

***Dulog Sitwasyonal***

Malapit sa paniniwala ni Gouin, sa paggamit ng istratehiyang ito ay binigyan ng mga kwentong angkop sa iba't ibang pagkakataon ang mga mag-aaral. Kabilang sa mga istratehiya ng Dulog Sitwasyonal ang paggamit ng aksyon o kilos at paggamit ng mga larawan at tugtugin upang maipaliwanag ang ipinahahayag.

***Community Language Learning***

Isinanib ang pagtuturo ng wika sa aspekto ng kultura. Binigyang-halaga ang nadarama ng mag-aaral, na kabilang sa isang komunidad ng mga mag-aaral. Walang elemento ng tensyon sa klasrum pagkat bawat isa ay itinuturing na mahalagang indibidwal na maaaring magturo at matuto mula sa iba.

***Silent Way***

Halos ugnay sa teoryang Innative o Likas, batay sa dulog na ito, ipinauubaya sa mga mag-aaral ang pagkatuto ng wika. Pinaniniwalaan ng mga tagapagtaguyod ng dulog na ito na sa pagiging tahimik ng guro, nagiging higit na mabilis ang pagkatuto ng mga mag-aaral ng wika. Nagsasagawa ang mga mag-aaral ng iba't ibang proyekto upang makipagtalastasan sa kapwa at sa proseso ay makatuklas ng mga katotohanang pangwika.

***Dulog Total Physical Response***

Ibinatay ito sa "trace theory" ng mga sikologo. Higit na nagiging madali ang pagkatuto kung ang mga mag-aaral ay gumagamit ng kilos kasabay ng pagsasalita.

***Dulog Suggestopedia***

Batay sa paniniwala ni George Lozanov (Morrow, 1993) nagiging mas madali ang proseso ng pagkatuto kapag nasa payapang kapaligiran ang mag-aaral.

***Dulog Natural***

May malaking pagpapahalaga sa payapang damdamin ng mag-aaral. Nalilinang ang batayang komunikasyon sa mga pang-araw-araw na sitwasyon ng mga mag-aaral. Guro ang hanguan ng mga nauunawaang *input* na pagmumulan ng pagkatuto ng mga mag-aaral.



# BASAHIN

## Kontemporaryo: Ang Kasanayang Komunikatibo sa Pagtuturo ng Wika

Ayon kay David Nunan (Tompkins, 1998), katangian ng Kasanayang Komunikatibo sa Pagtuturo ng Wika ang pagbibigay halaga sa paggamit ng wika sa mga angkop na sitwasyon , awtentikong materyales, pag-uugnay ng karanasang pangklasrum sa aktwal na sitwasyon at pagpapahalaga hindi lamang sa produkto ng pag-aaral kundi sa proseso ng pagkakamit nito.

Saan ba nakasalig ang Pagdulog na Batay sa Kasanayang Komunikatibo? Sa modelo nina Canale at Swain, apat ang mahahalagang elementong dapat na isaalang-alang upang masabing may kakayahang pangkomunikatibo ang mag-aaral:

- Kakayahang linggwistik
- Kakayahang sosyolinggwistik
- Kakayahang istratejik
- Kakayahang pandiskors

Malaki ang bahaging ginagampanan ng komunikatibong pagtuturo ng wika sa mga pagdulog na tulad ng Functional-Notional Approach: Finnochiaro (1986) na naglalayong isapraktika ang mga teoryang komunikatibo. Iminumungkahi sa pagtuturo ng kasalukuyang batayang kurikulum maging ang mga istratehiyang nag-uugnay ng kahalagahan ng wika sa akademik na gamit ( Cognitive-Academic Language Proficiency o CALP) at sa paglinang ng mga Batayang Kasanayan sa Interpersonal na Komunikasyon(Basic Interpersonal Language Proficiency o BICS).



## TSS 2.3

- Sa iyong palagay, nakatutugon ba sa kasalukuyang pangangailangan ng mga mag-aaral ang mga namamayaning pamaraan at pagdulog sa pagtuturo ng wika? Ipaliwanag.
- Anu-ano ang ilang kasanayang komunikatibong mahalaga sa pagkatuto ng ibang akademik na aralin?
- Bakit mahalaga ang paglinang sa mag-aaral ng mga kasanayang pangkomunikatibong nabanggit?
- Magbigay ng ilang halimbawa ng mga kasanayang mahalaga sa interpersonal na komunikasyon.
- Bakit kailangang linangin ang mga kasanayang ito?



## GAWAIN 2.2

Isulat sa isa o dalawang pangungusap ang pinakamahalagang pananaw na natutuhan mo hinggil sa pagtuturo ng wika sa araling ito.

Magaling! Malaki ang maitutulong ng mga pananaw na iyong natutuhan sa iyong pagtuturo. Lubos mo nang nauunawaan ngayon ang mga simulaing gumagabay sa ating paghahanda ng mga gawain sa klasrum ng wika. Naririto ang ilang mahahalagang bagay na dapat mong tandaan.



## DAPAT TANDAAN

Isaalang-alang mo sa iyong pagtuturo ang mahahalagang tagubiling ito:


- Dapat maging pokus ng pagtuturo ang mag-aaral.
- Iayon mo ang sitwasyong pangklasrum sa tunay na kapaligiran.
- Gawing lubusan ang palitang interaksyon.
- Bigyan ng mga gawain sa pakikisalamuha ang mga mag-aaral.
- Gumamit ng materyal na multi-media.
- Pasiliteytor ng pagkatuto ang papel ng guro sa klasrum.
- Bigyan ng fidbak at pagtaya ang mga mag-aaral.
- Sanaying maging responsable ang klase sa kanilang pagkatuto.

# ARALIN 3

# *SA UNANG ARAW NG PAGTUTURO…PAANO KA MAGSISIMULA*

## INTRODUKSYON

Nalalapit na ang unang araw ng iyong pagtuturo. Halina at simulan mo sa tulong ng araling ito ang paghahanda sa mahalagang araw na ito. Pangunahing paksang tatalakayin sa araling ito ang paghahanda ng banghay-aralin.



## MGA LAYUNIN

Inaasahang sa katapusan ng araling ito ay maisasagawa mo ang mga sumusunod:

- Maipaliliwanag ang kahalagahan ng paghahanda ng banghay-aralin
- Masasabi ang mga dapat isaalang-alang sa paghahanda ng banghay-aralin
- Makapagsusuri at makabubuo ng banghay-aralin sa Filipino



## BASAHIN

### Bakit mahalaga ang banghay-aralin?

Ang banghay-aralin ay itinuturing na mapa o balangkas ng iyong mga inihandang gawain upang maisakatuparan ang mga layuning nais mong matamo ng iyong mga mag-aaral.

Naririto ang mga dapat isaalang-alang kapag naghahanda ng banghay-aralin.

1. *Katangian ng mga Mag-aaral*
   - Ano ang antas ng kanilang kawilihan, gayundin ang lebel ng kasanayang komunikatibo?
   - Matatantiya mo ba ang iskema ng kanilang kaalaman at karanasan kaugnay ng mga paksang tatalakayin mo?
2. *Mga Layuning Pampagtuturo*
   - Angkop ba ang iyong layunin sa kakayahan ng mag-aaral?
   - Itinuturing ba itong pangangailangan sa kurikulum?
   - Natutugunan ba nito ang mga kahingiang Kognitiv, Afektiv at Saykomotor?



## GAWAIN 3.1

- Buksan at tunghayan ang Manwal ng Batayang Kurikulum sa Elementarya o Manwal ng Operasyunalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino sa Sekundarya. Anu-ano ang nilalaman ng mga unang pahina?
- Paano nahahati ang mga kasanayan?
- Tunghayan ang mga layunin sa kasalukuyang markahan. Paano mo pipiliin ang layuning angkop linangin sa unang araw ng iyong pagtuturo?
- Pumili ng isang layuning angkop gamitin sa iyong mga mag-aaral. Igawa ito ng kognitib, afektib at saykomotor na komponent.

Suriin ang isinulat mong mga layunin. Sagutin ang tseklist na nasa ibaba. Lagyan ng tsek ang kaukulang kahon kung ito ay natutugunan ng iyong layunin.

- ☐ Ang isinulat mo bang mga gawi ay tiyak?
- ☐ Ang mga ito ba ay nasusukat?
- ☐ Maisasagawa ba ang mga ito?
- ☐ May takdang panahon ba kung kailan ito maisasagawa?

Kung nakakuha ka ng apat (4) na tsek sa mga katanungan, magaling ka talaga! Kung hindi naman, subukin mong isaayos ang iyong pagkakamali.

3. *Paksa at mga Kagamitan*

- Kawili-wili ba, napapanahon at angkop sa karanasan ng mga mag-aaral ang paksa?
- Nasa antas o lebel ba ng mga mag-aaral ang uri ng wikang ginamit?
- Makatawag-pansin ba ang mga kagamitang instruksyunal na gagamitin?

4. *Istratehiya o mga Gawain at Takdang Panahon*

- Kawili-wili ba at napapanahon ang mga gawain?
- Nakaayos ba ang mga hakbang mula madali papahirap?
- Makatutulong ba ang mga gawain sa pagkakamit ng layunin?
- Maisasagawa ba sa angkop na panahon ang mga gawain?



## GAWAIN 3.2

- Pumili ka ng isang prototype na banghay–aralin sa Filipino na nasa iyong Hanbuk (Elementarya) o sa Manwal (Sekundarya).
- Suriin kung ang mga gawain ay makatutugon sa mga hakbang na ginagamit sa Herbartian Method ng pagtuturo ng wika (Finnochiaro, 1986). Lagyan ng tsek ang kahon kung natutugunan ng mga gawain sa banghay-aralin ang mga hakbang na nabanggit.

☐ Paghahanda

☐ Paglalahad

☐ Pagsusuri at Pag-uugnay

☐ Pagsasama-sama at Pag-aayos para sa Paglalahat


☐ Paglalapat

Kung ikaw ang magtuturo ng aralin, gaanong kahabang panahon ang iyong itatakda sa pagsasagawa ng bawat bahagi?

Maaaring gamiting pamantayan ang ibinigay na patnubay ni Gng. Nenita Papa (1991) sa paglalaan ng oras para sa mga gawain sa pagtuturo ng Filipino:

1. Bahaging Naghahanda–25%
2. Bahaging Nagtuturo–50%
3. Bahaging Nagtataya–12.5%
4. Bahaging Nagbibigay-lunas o Nagpapayaman 12.5%

Tunghayan ang pabilog na tsart sa ibaba. Maiuugnay mo ba ang bahagi ng aralin sa bahagi ng tsart?






## TSS 3.1

Kung susuriin mong muli ang banghay-araling iyong pinili, alin-alin kaya sa mga gawaing nakatala ang ugnay sa:

Bahaging Naghahanda

Bahaging Nagtuturo

Bahaging Nagtataya

Bahaging Nagbibigay-lunas/Nagpapayaman

Nakuha mo ba ang tamang sagot? Kung tama ka ay magiging madali na sa iyo ang pagsasaayos ng mga Gawain gayundin ang pagtatakda ng sapat na panahon para sa bawat bahagi. Nasa tamang landas ka!

5. *Paglinang ng Balyu o Saloobin*

- Batay sa paksa at mga gawain para sa isang aralin, isipin ang balyu o mabuting saloobin at pagpapahalagang maaaring linangin sa mga mag-aaral.



**TSS 3.2**

Saang bahagi ng aralin maaaring talakayin ang balyu o saloobin? Ipaliwanag kung paano ito gagawin.

Matapos sagutin at isagawa ang mga gawain, palagay ko'y handang-handa ka na ngayon! Tunghayan sa ibaba ang isang huwarang banghay-aralin sa pagtuturo ng Pagbasa.

Kilalaning mabuti ang mga bahagi ng banghay-aralin at masusing suriin ang nilalaman ng bawat bahagi.

## Banghay Aralin sa Filipino V

Hulyo 5, 2005

**I. Mga Layunin**

1. Naibibigay ang kasalungat na kahulugan ng salita
2. Naipaliliwanag ang pagkakaiba ng opinyon at katotohanan
3. Nakasusulat ng sariling opinyon

**II. Paksang-aralin**

Ang Pagdiriwang ng Kapistahan (likha ng guro ang babasahin) tsart, larawan ng kapistahan.

Pagpapahalaga sa kaugaliang Pilipino

**III. Istratehiya**

**A. Mga Gawain Bago Bumasa**

1. Pamukaw-sigla: Pag-uusap tungkol sa mga pagdiriwang
2. Paghahawan ng balakid

   Panuto: Ibigay ang kasalungat ng salitang may salungguhit:

   a. Marangya ang pagdiriwang ng kanilang kapistahan.

   b. Nagdaraos ng pista bilang pasasalamat sa masaganang ani.

3. Pagbubuo ng pangganyak na Tanong

**B. Mga Gawain Habang Bumabasa**

1. Pagbasa ng seleksyon
2. Pagsusuri ng mga impormasyon sa sanaysay

**C. Mga Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. Pagtalakay sa nilalaman ng seleksyon
2. Paglinang ng kasanayan

   Pagkilala ng mga katotohanan at pagpili ng opinyon

3. Pagbuo ng paglalahat
4. Paglalapat

   Pangkat I – Pagguhit ng mga paghahanda kapag kapistahan

   Pangkat II – Pagtatala ng mga katotohanang nagaganap kapag pista

   Pangkat III – Paglikha ng awit tungkol sa pista

   Pangkat IV – Dula-dulaan kaugnay ng pagdiriwang ng Pista

5. Pag-uulat ng bawat pangkat
6. Pagtataya

   Panuto: Isulat ang **O** kung ang pangungusap ay opinyon at **K** kung ito ay katotohanan.

1. Marahil, halos lahat ng turista ay nasisiyahan sa pagpunta sa ating bansa.
2. Matatagpuan ang Bulkang Mayon sa Albay.
3. Siguro ay may mga turista na ring nagbabalak tumira dito.

4-5. Sumulat ng isang pangungusap na opinyon at isang pangungusap na katotohanan tungkol sa magagandang tanawin ng bansa.

**IV. Takdang Aralin:**

Magbasa ng isang makabuluhang balita. Magbigay ng sariling opinyon tungkol dito.



## GAWAIN 3.3

Bigyang-puna ang mga sumusunod na bahagi ng aralin:

- Mga Layunin
- Paksa
- Mga Gawain
- Pagtataya at Aplikasyon
- Takdang-Aralin
- Paglinang ng Balyu

Ganito rin ang paraan ng paghahanda ng mga aralin sa Pakikinig, Pagsasalita at Pagsulat. Tunghayan mo ang balangkas na nasa ibaba.

## Balangkas ng Banghay-aralin

Asignatura ___________________ Petsa ________________

I. Mga Layunin

A. ________________________________________________

B. ________________________________________________

C. ________________________________________________

II. Paksang-Aralin

Pamagat/Paksa: __________________________

Sanggunian: _______________________________________

Mga Kagamitang Pampagtuturo:_______________________

Saloobin o Pagpapahalaga: ___________________________

III. Istratehiya

A. Mga Gawain Bago _____________________

1. Pamukaw-sigla
2. Pagsasanay
3. Balik-aral
4. Pangganyak

B. Mga Gawain Habang___________________

Unang Gawain

Ikalawang Gawain

Ikatlong Gawain

C. Mga Gawain Pagkatapos _____________________

1. Paglalapat
2. Pagtataya

IV. Takdang Aralin o Kasunduan (Maaaring pagpapayamang gawain sa kasanayang lubusang natutuhan o remedyasyon sa mga kasanayang di-ganap ang pagkatuto).

Repleksyon ng Guro



## TSS 3.3

Sa huling bahagi ng aralin ay may ispasyo para sa Repleksyon ng Guro. Para saan ito?

Magaling! Inaasahang magiging mahalagang bahagi ng iyong Gawain ang pagtatala ng iyong mga repleksyon sa kinalabasan ng iyong pagtuturo.



## GAWAIN 3.4

Pumili ng isang layunin sa Manwal ng Batayang Kurikulum at igawa ito ng banghay-aralin. Sundin ang balangkas ng banghay-aralin sa pagbubuo ng iyong plano.

Ipasuri ang nabuong banghay-aralin sa isang master teacher o gurong may karanasan sa Filipino. Anu-ano ang puna niya sa ginawa mong banghay-aralin?

Binabati kita! Naisagawa mo na ang unang hakbang na lubhang mahalaga sa bawat araw ng iyong pagtuturo. Sa paglipas ng mga araw, lalo mong mapagbubuti ang iyong mga banghay-aralin. Nasa sumusunod na pahina ang ilang mga tagubiling nararapat mong isaisip.



# DAPAT TANDAAN

Lubhang mahalaga ang unang araw ng iyong pagtuturo! Magiging ganap ang iyong kahandaan kung maayos ang mapa ng iyong mga gawain, ang banghay-aralin.

Makatutulong ang tseklist sa ibaba upang mataya kung sapat at makabuluhan ang iyong naging paghahanda.


- Ang Mag-aaral
  - ✓ Isinaalang-alang ba ang kanilang iskema at antas ng kawiliha't kasanayan?
  - ✓ Nasa antas ba o lebel ng mga mag-aaral ang wikang ginamit?
- Mga Layuning Pampagtuturo
  - ✓ Angkop ba sa kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral?
  - ✓ Hinalaw ba sa ekspektasyong nasa Batayang Kurikulum?
  - ✓ Natutugunan ba ang mga kahingiang Kognitiv, Afektiv at Saykomotor?
- Paksa at mga Kagamitang Pampagtuturo
  - ✓ Nauugnay ba sa interes at karanasan ng mga mag-aaral ang paksa?
  - ✓ Pamilyar ba sa mag-aaral ang paksa, genre at sitwasyon?
  - ✓ Nakaaakit ba at sapat ang mga kagamitang pampagtuturo?
- Istratehiya, Mga Gawain at Takdang Panahon
  - ✓ Kawili-wili ba at napapanahon ang mga gawain?
  - ✓ Nakaayos ba ang mga gawain sa antas ng kahirapan?
  - ✓ Maisasagawa ba sa loob ng panahong nakalaan para sa sabjek ang mga gawain?
- Paglinang ng mga Balyu at Saloobin
  - ✓ May nalilinang bang mabuting saloobin ang aralin?

# ARALIN 4

# *ANG BATAYANG KURIKULUM, MGA MAKRONG KASANAYAN AT MGA ISTRATEHIYANG PAMPAGTUTURO*

## INTRODUKSYON

Sa araling ito, tatalakayin ang nilalaman ng batayang kurikulum at mga istratehyang pampagtuturo na magagamit mo sa paglinang ng apat na makrong kasanayan sa Filipino.



## MGA LAYUNIN

Inaasahang sa katapusan ng araling ito ay:

- Matutukoy mo ang mga ekspektasyong nakapaloob sa kurikulum ng Filipino
- Mapipili mo ang mga layuning angkop linangin sa iyong mga mag-aaral
- Makagagamit ka ng angkop na istratehiya para sa iba't ibang aspektong pangwikang iyong nililinang sa mga mag-aaral

Alamin mo muna ang ilang mahahalagang bagay sa ating kurikulum.



## BASAHIN

### Ang Batayang Kurikulum sa Pagtuturo ng Filipino

Kurikulum ang tawag sa lahat ng mga gawain, kagamitan, paksa at mga layuning isinasama sa pagtuturo ng mga asignatura sa paaralan. Patuloy na pinauunlad ang kurikulum upang matugunan ang mga pangangailangan ng lipunan.

Bilang guro, batayan mo sa mga gawaing isasagawa sa klase ang Batayang Kurikulum na nirebisa nuong 2002. Sa huling rebisyon ng kurikulum sa Filipino, pangunahing isinaalang-alang ang pangangailangan ng mag-aaral na magkaroon ng balanseng kakayahan sa paggamit ng wika sa pagkatuto ng ibang asignatura at sa pakikipagtalastasan.

Kung ikaw ay nasa elementarya, gagamitin mo ang Hanbuk sa Filipino at kung nasa sekundarya naman, ang Patnubay sa Operasyunalisasyon ng Filipino.



## GAWAIN 4.1

Buksan mo ang iyong Hanbuk o Patnubay. Pangunahin sa nakasaad dito ang deskripsyon sa pagtuturo ng Sining ng Komunikasyon sa Filipino sa iyong lebel.

- Ano ang pangunahing dahilan ng pagtuturo ng Filipino sa iyong antas?
- Ano ang implikasyon nito sa iyo bilang guro?
- Alamin sa deskripsyon ang batayang konseptwal sa pagtuturo ng Filipino. Saang teorya nakabatay ang mga konseptong nabanggit?
- Buksan ang pahina ng Hanbuk o Manwal sa mga Inaasahang Bunga sa Bawat Taon. Isulat mo ang inaasahang bungang makakamit matapos ang antas na kinabibilangan ng iyong mag-aaral.

Tuwina ay babasahin mo ang iyong Manwal pagkat ito ang pangkalahatang tunguhin ng iyong mga isasakatuparang layunin sa araw-araw. Lahat ng maliliit na kasanayang ituturo mo sa buong taon ay mahalagang kontribusyon sa pangkalahatang tunguhin sa antas na iyong tinuturuan.



# BASAHIN

## Ang Apat na Makrong Kasanayan

Sa sumusunod na mga pahina ay matatagpuan mo ang hanay ng mga makrong kasanayan sa Filipino mula sa Una hanggang Ikaanim na Baitang sa Antas Elementarya at mula sa Una hanggang Ikaapat na Taon sa Sekundarya. Kaiba sa elementarya, ang Patnubay Pansekundarya ay nagtataglay pa rin ng Saklaw at Pagkakasunud-sunod ng mga Nilalaman at Kasanayan sa bawat linggo ng bawat markahan.

Sa elementarya, nakahanay sa grid ang mga kasanayan mula sa una hanggang ikaanim na baitang. Sa masusing pagsusuri ay makikita ang papahirap na antas ng kasanayan na nagaganap sa iba't ibang komponent ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat sa lahat ng baitang. (Tingnan ang Hanbuk ng mga Kasanayan sa Elementarya at Manwal ng Operasyunalisasyon sa Sekundarya.)



## TSS 4.1

1. Anu-ano ang hati ng mga kasanayan o kompetensing nabanggit?
2. May mga kasanayan bang nagsisimula sa Baitang I at ipinagpapatuloy hanggang sa Baitang VI? Bakit kaya?
3. May mga kasanayan bang nagsisimula lamang mula sa Ikatlo o Ikaapat na Baitang? Bakit kaya?

Inaasahan kong nakuha mo ang tamang sagot ngunit lalong mabuti kung magagawa mo pa ang sumusunod na mga praktikal na tagubilin.

- Lagyan mo ng kaukulang hati sa bawat markahan ang mga kasanayan. Ito ang magsisilbing badyet ng iyong gawain. Magagabayan ka ng nasabing badyet sa paghahanda ng iyong mga panuri at lagumang pagsusulit.

- Maaari ka ring kumunsulta sa mga may karanasang guro, tserman o master teacher upang masundan ang inihandang badyet ng paaralan. Ang badyet pampaaralan ay kadalasang binubuo nang may konsultasyon sa iba pang guro ng baitang at nakatutulong sa interdisiplinaryong pagtuturo ng iyong asignatura, na siya namang isa sa mga layunin ng binagong kurikulum.

Sa nagtuturo ng antas sekundarya, may hati ng mga kasanayan o badyet ng mga gawaing nakalahad sa Saklaw at Pagkakasunud-sunod ng mga aralin. Iba ang konsentrasyon ng mga kasanayan sa unang dalawang taon ng hayskul sa huling dalawang taon. Masasabi mo ba kung anu-ano ang mga ito?

Bukod sa hanay ng mga makrong kasanayan at kompetensi sa bawat lebel ng elementarya at sekundarya, matatagpuan din sa ibang pahina ng Hanbuk o Patnubay sa Filipino ang ilang mahahalagang kaalaman. Ilan sa mga paksang nararapat mong basahin at suriin nang malaliman ay ang Mga Mungkahing Istratehiya at Kagamitang Pampagtuturo, Mga Hulwarang Banghay-Aralin at Mga Batayan sa Pagmamarka. Paglaanan mo ng sapat na panahon ang mga pahinang ito na makadaragdag ng iyong kaalaman hinggil sa asignaturang iyong ituturo.



# BASAHIN

## Mga Istratehiyang Pampagtuturo sa Elementarya at Sekundarya

### *Ang Pagtuturo ng Pakikinig*

Masalimuot at interaktibong proseso ang pakikinig. Ayon kina Wolvin at Coakley (Tompkins, 1998), tatlo ang hakbang sa proseso ng pakikinig: 1) pagtanggap 2) pagbibigay atensyon at 3) pagbibigay- kahulugan.

#### *Mga Istratehiya sa Pagtuturo ng Pakikinig*

Tatlong uri ng pakikinig ang mahalaga sa akademik na kapaligiran: Komprehensiv o Maunawang Pakikinig, Kritikal na Pakikinig sa mga Tekstong Persweysiv at Mapagpahalagang Pakikinig sa Panitikan.

***Istratejik na Pagdulog para sa Komprehensiv na Pakikinig***

Nasa ibaba ang tsart ng anim na istratehiyang magagamit sa komprehensiv na pakikinig. (Morrow, 1993).

| **Istratehiya** | **Gawaing Pang-elementarya** | **Gawaing Pansekundarya** |
|---|---|---|
| Paglikha ng imahe | Guguhit ang mag-aaral ng paglalarawan ng kapares niya sa dyad | Gagawa ng simbolong representasyon o larawan ng pangkalahatang senaryo na ugnay sa narinig na balita o drama |
| Pagkakategorya | Bubuo ng pangkat ang mga mag-aaral at ikakategorya ang mga maririnig na impormasyon | Itatala ng bawat mag-aaral ang mga impormasyon at ikakategorya sa grapikong pantulong |
| Pagtatanong | Pagtatanong hinggil sa di-malinaw na impormasyon | Pagtatanong sa sarili upang i-monitor ang sariling pag-unawa |
| Pag-oorganisa | Pakikinig sa mensaheng naka-teyp at pag-aayos ng tekstong napakinggan ayon sa ibinigay na palatandaan; mga salitang naghuhudyat ng pagkakasunud-sunod, sanhi at bunga at paghahambing | Pakikinig sa aktwal na demonstrasyon sa paraan ng paggawa at pag-oorganisa ng mahahalagang kaisipan |
| Pagkuha ng Tala | Pagtatala ng mahahalagang detalye sa balitang binasa ng guro o kamag-aaral | Pagtatala ng mahahalagang detalye sa aktwal na panayam |
| Pagbibigay-pansin | Pagtatala ng biswal at berbal na hudyat mula sa tagapagsalita | Pagpapakahulugan sa itinalang biswal at berbal na hudyat mula sa tagapagsalita |

Naririto ang mga hakbang na maaaring gawin sa istratejik na pakikinig:

- Ipaliwanag kung paano ginagamit ang istratehiya.
- Ipakita kung paano ito isasagawa.
- Ipamodelo ang istratehiya sa isang mag-aaral.

- Hayaang ipaliwanag ng mag-aaral kung paano isinasagawa ang istratehiya.
- Gumamit ng iba't ibang istratejik na gawain sa pakikinig.
- Ipalapat ang istratehiya sa iba't ibang uri ng tekstong pakikinggan.



## GAWAIN 4.2

Bumasa sa mga mag-aaral ng paglalarawan ng isang pook . Ipaguhit (antas elementarya) o ipasulat (antas sekundarya) sa mga mag-aaral ang paglalarawan. Ipabuong muli sa mga mag-aaral ang paglalarawang narinig sa tulong ng larawan (antas elementarya) o itinalang detalye (antas sekundarya).

## Pinatnubayang Pakikinig para sa Elementarya at Sekundarya

Tatlo ang hakbang sa pagsasagawa ng istratehiyang ito: Bago Makinig, Habang Nakikinig at Pagkatapos Makinig. Bibigyan mo muna ng batayang impormasyon sa gawain ang mga mag-aaral, hahawanin ang mga balakid at ipaliliwanag ang layunin sa pakikinig. Sa pangalawang hakbang, magsasagawa ng aktwal na pakikinig ang mga mag-aaral kung saan magsasagawa ng pagsagot sa mga patnubay na tanong, pagtukoy sa maling impormasyon, pagsusuri ng berbal na pahiwatig, atbp. Sa pangatlong hakbang, magsasagawa ng mga gawaing panlapat ang guro upang mataya kung naisagawa ng mga mag-aaral ang kasanayang nalilinang sa kanila bilang tagapakinig.



## GAWAIN 4.3

Ipagpalagay na lilinangin mo ang kasanayan ng iyong mga mag-aaral na kumuha ng detalye mula sa pinakinggang ulat. Ipaliwanag ang mga hakbang na iyong isasagawa upang malinang ang kasanayan.

Sundin ang mga hakbang na ito sa pagtuturo ng pagkuha ng detalye mula sa pinakinggang ulat.

## Kritikal o Mapanuring Pakikinig

Sa elementarya, masisimulan na ang mapanuring pagtanggap sa napapakinggang komersyal. Sa sekundarya naman ay masusuri na ang gamit ng lenggwaheng persweysiv lalo na sa mga tekstong pampropaganda o panghikayat.

| Elementarya | Sekundarya |
|---|---|
| ▪ Pakikinig sa komersyal upang suriin ang:<br>➢ Uri ng material na ginamit<br>➢ Epekto ng napakinggan<br>➢ Pagkiling ng impormasyon<br>➢ Layunin ng patalastas<br>➢ Pamamayani ng opinyon | ▪ Pakikinig sa mga tekstong propaganda ng mga simulain upang:<br>➢ Masuri ang mga salitang may laman (pinabuti, nakahihigit ng 100%, atbp)<br>➢ Makilala ang mapanlinlang na mga salita (eupemismo, iperbole at may dalawang kahulugan) |

### Mapagpahalagang Pakikinig sa Panitikan

Isinasagawa upang mapahalagahan ang tekstong binasa, ayon sa kung anong uri ng panitikan ito.

| Elementarya | Sekundarya |
|---|---|
| ▪ Pagsasadula<br>▪ Pagsasatao<br>▪ Pakikilahok sa pagkukuwento<br>▪ Pagsulat ng buod<br>▪ Pagguhit | ▪ Pagsasadula<br>▪ Pagsulat ng ibang katapusan/wakas ng kuwento<br>▪ Pagsulat ng reaksyong papel<br>▪ Sabayang bigkas<br>▪ Debate<br>▪ Paglalapat ng musika at interpretasyon sa sayaw |

***Ang Pagtuturo ng Pagsasalita***

- Bakit mahalaga ang pagsasalita sa proseso ng pagkatuto?
- Paano natututo ng pagsasalita sa klasrum ang mga mag-aaral?
- Anu-anong gawain sa pagsasalita ang angkop isagawa ng mga mag-aaral?
- Anu-ano ang pangunahing layunin sa pagsasalita na dapat linangin sa mga mag-aaral?



## BASAHIN

Ayon kina Brown at Yule (Finocchiaro, 1986) dalawa ang pangunahing tungkulin ng wika: transaksyunal at interaksyunal. Nasa mensahe ang pokus ng tungkuling transaksyunal. Maaaring may layon ang nagsasalita na maghatid ng impormasyon o magbigay ng ebalwasyon. Layunin naman ng interaksyunal na wika ang pagpapanatili ng magandang ugnayang sosyal.

***Anu-ano ang layunin ng pagtuturo ng pagsasalita sa elementarya at sekundarya?***

Higit na marami sa kasanayang nakatala sa kurikulum pang-elementarya at sekundarya ang nakapokus sa interaksyunal kaysa transaksyunal na tungkulin ng wika. Nakatala sa Tungkuling Interaksyunal ang pagtanggap at paggawa ng tawag sa telepono, pakikipag-usap sa mga kontekstong sosyal at pagpapahayag ng saloobin at opinyon. Nakatala sa tungkuling transaksyunal ang paghahatid ng mensahe, pagbibigay at pagsunod sa direksyon, pagtatanong at pagbibigay impormasyon bilang sagot sa tanong. Nasa tungkuling estetiko ang pagkukuwento at pagbigkas ng tula.



## TSS 4.2

Batay sa mga layuning nakatala sa Handbuk sa Filipino (Elementarya) at Manwal ng Operasyunalisasyon sa Filipino (Sekundarya), saan nakatuon ang mga layuning pangwika sa elementarya? Sa sekundarya?

Mahusay! Matapos mong mapag-alaman ang tunguhin ng mga layunin, tandaan mo na dapat iayon ang mga aralin sa pangkalahatang tunguhin ng kurikulum sa antas na iyong kinabibilangan.

***Mga Istratehiya sa Pagtuturo ng Pagsasalita***

- Kung sa unang araw ng iyong pagtuturo ay nakita mong hindi gaanong nakikilahok sa talakayan ang mga mag-aaral, ano ang iyong gagawin?
- Anu-ano ang maaaring dahilan ng ganitong gawi ng mga mag-aaral?

Makatutulong sa iyong pagpapasya sa sitwasyong nabanggit ang kabatiran sa Paradaym ng Pagtuturo ng Pagsasalita sa Elementarya at Sekundarya ayon kay Tompkins (1998).

- Pagpapakilala–-Mga gawain sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat na maglalantad sa klase sa wikang pag-aaralan
- Paggamit--Mga gawaing magbibigay ng pagkakataon sa klase na gamitin ang wika
- Demonstrasyon--Mga pagkakataon sa pagmomodelo ng guro ng paggamit ng wika
- Responsibilidad--Pakikilahok ng mag-aaral sa proseso ng pagkatuto
- Ekspektasyon--Pagkabatid ng inaasahang matututuhan

Sa klasrum, maaaring ipagawa sa mga mag-aaral ang mga nakatala sa tsart upang maisakatuparan ang ilang gawain sa pagsasalita.

| **Uri ng Pagsasalita** | **Gawain/ Pamamaraan** |
|---|---|
| Pakikipag-usap | Pangkatang talakayan<br>Pagbabahagi ng karanasan<br>Pagtatanong<br>Paglilinaw<br>Pagpapalawak ng usapan |
| Estetikong pakikipag-usap | Pagtalakay ng literatura<br>Pagkukuwento<br>Pagpili ng Iskrip |
| Akademik na Talakayan | Pagbibigay ng presentasyon<br>Paglalahad ng rebyu<br>Pagsali sa debate<br>Pagsasagawa ng panayam |
| Mga Gawaing Dramatik | Pagsasadula<br>Pagsali sa papet na palabas<br>Pagsulat ng iskrip<br>Pagbuo ng kuwento |

Naririto ang ilang hakbang sa mga pamamaraang makalilinang ng kakayahan ng mga mag-aaral na magsalita. Makapagbibigay ka pa ba ng iba?

**Pagsasalaysay**

1. Piliin ang kuwento.
2. Paghandaan ang paraan ng pagsasalaysay na gagawin.
3. Gumamit ng props.
4. Isalaysay ang kuwento.
5. Gumawa ng ebalwasyon.

**Readers Theater**

1. Pumili ng iskrip.
2. Sanayin ang pagtatanghal.
3. Itanghal ang teatro.
4. Bigyan ng ebalwasyon ang itinanghal.

**Mga Istratehiya sa Pagtatanong**

1. Magtanong ng mga inihandang katanungan upang mabigyan ng direksyon ang aralin.
2. Gawing malinaw ang mga tanong.
3. Ayusin ang tanong mula sa humihingi ng aktwal na impormasyon hanggang sa nangangailangan ng mapanuring pag-iisip.
4. Muling magtanong upang bigyang elaborasyon ang sagot ng mga mag-aaral.

**KWL na Tsart**

Ihanda sa pisara ang tsart na may nakasulat na **K-W-L (Known, Want to Know, Learned)**. Sa ilalim ng kolum na **K**, isulat ang mga kaalamang batid na ng mga mag-aaral, mga nais malaman sa ilalim ng **W**, at mga natutuhan sa ilalim ng **L**

**Talakayan**

Higit na angkop sa mas mataas na lebel tulad ng intermedya at sekundarya ang kawili-wiling paksang tatalakayin ng mga mag-aaral sa isang panel na diskusyon o maramihang panayam.

**Web ng Talakayan**

Bumuo ng web na may dalawang kolum. Pumili ng paksang tatalakayin/ tanong na sasagutin. Ilagay sa kaliwang kolum ang mga dahilan sa pagsalungat sa paksa at sa kanan ang mga dahilan sa pagsang-ayon dito. Sa pagtatapos, hayaang ibigay ng mga mag-aaral ang pansariling opinyon batay sa napakinggang mga argumento.

| Hindi | | Oo |
|---|---|---|
| | Papaunlad na ba ang uri ng pamumuhay ng mga Pilipino? | |
| | | |
| | | |
| | | |

**Iba Pang Gawaing Maisasagawa**

- Interbyu
- Debate
- Pag-uulat
- Pagsasadula



## TSS 4.3

1. Kung sa inyong pagtatalakayan sa klase ay mapansin mong may mga mag-aaral na nagkakamali sa paggamit ng istruktura ng wika sa kanilang pahayag, ano ang iyong gagawin?
2. Anu-ano pang hakbang ang maaari mong isagawa upang mahikayat ang mga mag-aaral na masiglang makilahok sa talakayan?

Alin-alin sa isinagot mo ang tama? Gamitin mong gabay at panuntunan sa pagtuturo ang iyong itinalang mga tamang sagot.



## GAWAIN 4.4

Mag-iskedyul ng obserbasyon sa isang klaseng may aralin sa pagsasalita. Itala ang mga gawain sa pagsasalita at paraan ng pagkakalahad ng guro. Suriin kung alin-aling pagkakamali ang hindi pinansin, alin ang iwinasto at paano ginawa ang pagwawasto.



# BASAHIN

## *Ang Pagtuturo ng Pagbasa*

Ano ang kaugnayan ng kasanayan sa pagbasa sa pagkatuto ng isang mag-aaral?

Sa iba't ibang antas ng kanyang pag-aaral, ang pananagumpay ng mag-aaral ay nakasalalay sa kanyang masteri ng mga kasanayan sa pagbasa.

***Anu-ano ang mga layunin sa pagtuturo ng Pagbasa sa Elementarya at Sekundarya?***

Sa elementarya inaasahang magsisimula ng mekanikal na pagkilala ng mga salita ang mga mag-aaral tungo sa maunawaang pagbasa ng mga lipon ng salita, pagpapakahulugan ng papahirap na talasalitaan, pagkilala ng iba't ibang uri ng ugnayan, matalinghagang pananalita, mga kasanayang pampag-aaral at paggamit ng mga sanggunian.

Sa antas sekundarya naman inaasahang malilinang ang pagsusuring pangnilalamang nagbibigay-tuon sa pangunahing kaisipan, opinyon, atbp. Lilinangin din ang pagsusuri sa mga katangian ng teksto tulad ng tono, layon, paraan ng pagkasulat, pananaw at relasyon ng sumulat sa mambabasa. Gagamit ng iba't ibang uri ng teksto, akademik man o pampanitikan, sa paglinang ng mga aralin.

## *Mga Istratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa*

May iba't ibang yugto ng pagbasa at nakasalalay sa mga yugtong ito ang nararapat gamiting istratehiya. Sa araw-araw na pagpapabasa, mahalagang isaalang-alang ang mga yugtong ito.

- Paghahanda-Pagpili ng teksto, pag-uugnay sa karanasan, paghahawan ng mga balakid, pagbibigay ng layon sa pagbasa
- Pagbasa-Pagbasang Pabigkas, pinatnubayang pagbasa at pag-iisip at malayang pagbasa

- Pagtugon-Pagsulat sa mga log at pagtatalakayan
- Pagpapalawak-Muling pagbasa upang gumawa ng pag-uugnay, palalimin ang interpretasyon at suriin ang kahusayan ng awtor
- Ekstensyon-Pagbubuo ng mga proyektong tulad ng drama, pagguhit, paglikha ng awit, atbp., bilang pagpapalalim ng interpretasyon

***Panimulang Pagbasa***

Dalawa ang larangan ng pagkilala ng salita na kung tawagin ay kasanayan sa pag-decode (Morrow, 1993). Ang isa ay pagkilala ng mga titik na kaugnay ng tunog (phonics/phonemic awareness) at ang isa ay istruktural na analisis. Sa istruktural na analisis ay kinikilala ang anyo at pagkakabuo ng titik na simbolo ng tunog. Sa kamalayang ponemika ay iniuugnay ang titik sa mahalagang tunog. Ang mga hakbang sa pagtuturo nito ay:

1. Panimula-Pagpapaliwanag ng pag-aaralan
2. Pagtuturo-Pagkilala ng tunog at pag-uugnay ng tunog sa simbolo
3. Pinatnubayang pagsasanay-Pagkilala ng nakalimbag na tunog sa mga salita
4. Paglalagom Paglalahat sa natutuhan at paano ito magagamit



**TSS 4.4**

Kung may mag-aaral kang hindi nakababasa o nakakikilala ng mga titik na kaugnay ng tunog, paano ka magtuturo na gumagamit ng pamamaraang:

- Istruktural
- Ponemik

Inaasahan kong tama ang iyong naging sagot upang maiangkop mo ang iyong pagtuturo sa kakayahan ng iyong mga mag-aaral.

## Mga Istratehiya sa Paglinang ng Komprehensyon


***Pag-iisip na Pabigkas o Think-Aloud (Pang-elementarya)***

Iminomodelo ng guro ang proseso ng pag-iisip na ginagawa habang nagbabasa sa pamamagitan ng pag-iisip nang pabigkas habang may binabasa. Pinapatnubayan ang bata sa istratejik na pagtatanong habang nagbabasa.

Tandaan mo na mahalagang magsagawa muna ng pinapatnubayang pagbabasa ang mga mag-aaral bago magpagawa ng malayang pagbabasa, lalo na kung nagtuturo ng istratejik na pag-iisip tungkol sa binabasa.

***Pagsusuri ng Kayarian ng Kuwento o Story Grammar***

Sinasanay ang mga mag-aaral na suriin ang mga sumusunod na elemento ng kuwento: 1) paksa 2) serye ng mga pangyayari 3) tagpuan at tauhan at 4) kinalabasan.




***KWL (Known, Want to Know, Learned) o ANNA (Alam na, Nais Malaman, Nabatid)***

Tulad ng paliwanag sa istratehiya sa pagsasalita, itinatala sa tsart ang Alam Na, Nais Malaman at Nabatid ng mga Mag-aaral sa binasa.

***Ugnayang Tanong-Sagot***

Sa pamamagitan ng kagyat na fidbak, natuturuan ang mag-aaral na tukuyin kung ang mga tanong sa binabasa ay nasa teksto mismo, kailangang isipin at hanapin ang sagot, binubuo sa isipan ng mambabasa o mabubuo sa isipan sa tulong ng mga impormasyong inilahad ng awtor.

***Pinatnubayang Pagbabasa-Pag-iisip (Directed Reading-Thinking Activity)***

- Magbibigay ng hula ang mga mag-aaral tungkol sa teksto batay sa karanasan at impormasyong galing na rin sa teksto
- Babasahing muli ang teksto upang patunayan ang hula / hinuha
- Magbibigay ng suporta at patunay sa ibinigay na hula batay na rin sa tekstong binasa

***Pinatnubayang Pagbasa o Directed Reading Activity (DRA)***

- Paghahanda sa pamamagitan ng pag-uugnay ng babasahin sa dating karanasan ng mag-aaral
- Pagbibigay ng mga tanong na magiging patnubay sa pagbasa
- Pagtalakay/Pagsagot sa mga pamatnubay na tanong
- Muling pagbasa sa seleksyon
- Makabuluhang gawaing pasulat o pagpapalawak ng talasalitaan



# GAWAIN 4.5

Kung ipababasa mo sa iyong mga mag-aaral ang sumusunod na talata, paano mo lilinangin ang kanilang kasanayan sa pagkilala at pag-unawa ng sanhi at bunga? Gumawa ng mga tanong at grapikong pantulong na magagamit.

**Ang Sistema ng Edukasyon ng mga Espanyol**

*Gumamit ang mga Espanyol ng edukasyon upang mahikayat ang mga Pilipino sa Katolisismo. Sinunog nila ang mga tala na ginawa ng ating mga ninuno sa mga dahon at balat ng mga punungkahoy at sinabing gawa ng diyablo ang mga ito. Pinalitan nila ang mga ito ng mga aklat-dasalan at mga babasahing tungkol sa relihiyong Katoliko.*

*Maraming nagbago sa pamumuhay ng mga Pilipino. Nabigyang-halaga ang mga bagay na ukol sa karapatan ng kababaihan at bisa ng kasal. Naalis ang pang-aalipin. Dahil dito, nagkaroon ng pag-unlad sa kaalaman sa iba't ibang larangan ng pamumuhay ang mga Pilipino.*

*Nagtatag ng mga paaralang pamprimarya, sekundarya at kolehiyo ang mga Espanyol. Nakatulong din ito sa pagpapaunlad pa ng kalagayan ng mga Pilipino. Sa pagbubukas ng mga paaralang primarya at sekundarya, nagkaroon ng pangangailangan sa mga guro. Nagtatag na rin ng mga Paaralang Normal.*

*Nagbukas din ng mga paaralang bayan na walang matrikula. Sa simula, hindi gaanong naging matagumpay ang pag-aaral ng mga katutubo. Una, hindi interesado ang ilang magulang na papasukin sa paaralan ang mga anak nila. Ikalawa, ang ilan namang bata ay takot mag-aral. Ikatlo, ang distansya ng mga paaralan sa tahanan ng mga katutubo ay lubhang malayo.*

***Group Mapping Activity***

Sa istratehiyang ito, magbubuo ang mga mag-aaral ng mapa ng kanilang interpretasyon sa nilalaman ng tekstong binasa. Kung ang binasa ay tekstong naratib, maaaring ilahad sa grap ang story map. Kung ekspositori naman ang teksto, iba't ibang uri ng mapa ang magagamit upang bumuo ng sintesis ng mga impormasyon.



## GAWAIN 4.6

Magmasid ng isang klase sa Pagbasa at itala ang mga gawaing isinagawa. Punahin ang mga grapikong pantulong na ginamit sa paglinang ng komprehensyon. Magtala ng iba pang grapikong pantulong na magagamit sa pagtuturo ng Pagbasa.

Sikapin na sa iyong pagtuturo ay magamit ang mahalagang grapikong pantulong na iyong itinala.

## Mga Pagdulog sa Pagtuturo ng Panitikan (Pansekundarya)

***Pagdulog Historikal***

Ang talakay ay umiikot sa buhay at panahong iniikutan ng mga tauhan at pangyayari sa akda. Sinusuri ang akda bilang kaugnay ng mga tunay na pangyayaring naganap.

***Pagdulog Sosyolohikal***

Ipinakikita ang mga katauhan at pagpapahalagang nauugnay sa iba't ibang sektor ng lipunan.

***Pagdulog Moralistik***

Binibigyang-pansin ang pagsusuri sa bisa ng panitikan na itaas ang kaasalan, kaisipan at damdamin ng tao.

***Pagdulog Istaylistiko***

Sumusuri ito sa istilo, mga kagamitan at pamamaraang ginagamit ng may akda. Binibigyang pansin din ang wikang ginamit ng awtor, pananaw, paraan ng paglalarawan ng mga tauhan, tayutay, simbolo at mga teknik sa pagpapayaman ng kahulugan.

***Pagdulog Peminismo***

Binibigyang-pansin sa dulog na ito ang kakayahan ng mga manunulat na babae at ang sensibilidad, diwa at kalagayan ng kanilang akda, katayuan ng mga tauhang babae sa lipunan at mga isyung may kaugnayan sa usaping pangkababaihan.

***Klasisismo***

Pinangingibabaw ang bisa ng panitikan sa isip kaysa damdamin. Mahalaga at pili ang mga kilos, galaw at salita ng mga tauhan sa akdang klasiko, kayat ang mga ito rin ang sinusuri.

***Romantisismo***

Nangingibabaw ang damdamin kaysa isip sa ilang mga akda. Pag-ibig ang pangunahing paksa ng ilang teksto kayat ang pamamayani ng damdamin sa isip ang sinusuri.

***Moral-Filosopikal***

Pinipiga ng isang manunuri ang akda batay sa mga dayalog dito o sa mga siping sabi na siyang magpapatibay ng malalim na layunin ng may-akda.

***Formalistik***

Sinusuri ang mga lantad na katangian ng akda tulad ng anyo, pamagat, bilang ng mga taludtod, bilang ng mga kabanata, atbp.

***Sikolohikal***

Isinasailalim sa pagsusuri ang mga kilos, pananalita, paniniwala at gawi ng mga tauhan sa akda. Binabasa ng manunuri kung umaayon sa takbo ng kanyang kaisipan at mga paniniwala ang tauhan.

***Historikal-Biografikal***

Tunguhin nito ang alamin ang nakalipas lalo na kung ang akda ay sumasalamin ng karanasan ng sumulat o kaya ay repleksyon ng isang tao sa isang takdang panahon.



## GAWAIN 4.7

Isa sa mga akdang pampanitikan sa hayskul ang kuwentong “Mabangis na Lungsod” ni Efren Abueg. Anu-anong tanong ang iyong bubuuin kung ang iyong pagdulog ay

a. Historikal

b. Sosyolohikal

c. Moralistiko

d. Istaylistiko

Naririto ang halimbawa ng isang banghay-aralin sa Panunuring Pampanitikan na gumagamit ng Pagdulog na Eksistensyalismo.

# Banghay-Aralin sa Panunuring Pampanitikan

# Ikaapat na Taon, Ikaapat na Markahan sa Sekundarya

## I. Mga Layunin

a) Nakapagsasalaysay ng mga narinig o nabasang karanasang may kaugnayan sa mga pangyayari sa kwento.
b) Nasusuri ang tauhan batay sa kanyang kilos, gawi, paninindigan at paniniwala.
c) Nabibigyang-puna ang mga saloobin at mithiin ng pangunahing tauhan batay sa teoryang eksistensyalismo.

## II. Paksang-Aralin

*Paksa*: Ang Lipunan at Tao bilang Paksa ng Panitikang Filipino

*Tatalakaying Genre*: Maikling Kwento

*Teksto*: Langaw sa Isang Basong Gatas ni Amado V. Hernandez

*Mga Kagamitan*: V*ideo clips* o *tape* ng mga balita sa pagpapaunlad ng imprastruktura, Manila paper na paglalagyan ng grapikong pantulong

*Kasanayang Pampanitikan*: Pagkilalang Pantauhan batay sa Teoryang Eksistensyalismo

*Kasanayang Pampag-iisip*: Pagsasaayos/Pagsalungat sa Saloobin ng Tauhan

*Halagang Pangkatauhan*: Pagpapakita ng katatagan at paninindigan sa mabibigat na pagsubok ng buhay

## III. Proseso ng Pagkatuto

### a) Panimulang Gawain

1. Pangganyak
   - Pagpapakita ng *video clips* o pagpaparinig ng *tapes* ng balita sa relokasyon ng mga residente bunga ng pagpapaunlad ng imprastruktura
   - Pagbabahagi ng mga pansariling karanasan, narinig o nabasang pangyayari kaugnay ng paksa
   - Pagbibigay ng opinyon hinggil sa nagaganap na mga tunggalian sa ganitong sitwasyon

2. Paghahawan ng Balakid
    - Pagbibigay ng kahulugan ng mga salitang italisado batay sa pagkakagamit sa pangungusap
        a) *Namilapil* sila sa pagpunta sa kabilang bukirin.
        b) Nagsimula na ang *paghahawan* ng talahib sa ektarya ng lupain.
        c) Kinabukasan ay *itinulos* na ang mga haligi ng bahay sa subdibisyon.
        d) Kabaligtaran ng mga naninirahan sa subdibisyon, sa isang *dulang* kumakain ng hapunan ang mga maralita.
        e) Balak *embarguhin* ng gobyerno ang mga bukiring hindi naipagbabayad ng buwis sa pamahalaan.

**b) Panlinang na Gawain**

1. Paglalahad
    - Pagbibigay ng hinuha sa nilalaman ng kwento batay sa pamagat at mga kaugnay na pahiwatig “Langaw sa Isang Basong Gatas”
    - Kung ang *isang basong gatas* ay ihahalintulad sa mga pagbabago at pag-unlad na nagaganap sa ating lipunan, ano kaya ang ipinahihiwatig ng *langaw* sa pamagat?

2. Pagbasa ng maikling kwento
    - Pagtatala ng mga salitang di-pamilyar na nasa teksto

3. Pagsusuring Pangnilalaman
    - Pagbibigay kahulugan sa mga salitang di-pamilyar na naitala
    - Talakayan
        a) Paglalarawan ng gawain at uri ng pagkatao ni Bandong.
        b) Pagtalakay sa epekto ng paggawa ng subdibisyon sa kabuhayan ng mga pamilya sa paligid nito
        c) Pagpapasya kung kay Bandong o hindi ang lupang sinasaka.

d) Pagtalakay sa kawastuan ng balak ng pamahalaan na pag-embargo ng lupain ni Bandong
e) Pagbibigay-hinuha sa pasyang gagawin ni Bandong upang manatili ang pagmamay-ari niya ng lupain

4. Pagsusuring Pampanitikan
   - Pagsusuri ng tauhan


Pangkat 1 – Batay sa anyo, pag-iisip at pagkilos


| Tauhan | Anyo | Pag-iisip | Kilos |
|---|---|---|---|
| 1. Bandong | | | |
| 2. Ana | | | |
| 3. G. Pena | | | |


Pangkat 2- Batay sa kanilang mga sinabi (Monologong nagpapaliwanag ng kanilang sinabi)

a) "Sila raw ang munting United Nations, halu-halo."
b) "Magkakahalo muna ang balat sa tinalupan."
c) "Ang inyong kubo'y wala sa lugar at nakasisira ng tanawin."
d) "Ang nasabi mong batas e, kung sakaling kayo'y iskwater, mapipilitang iwan nyo ang bakuran."
e) "Hirap din naman nitong laging sa sapa ang salok."

Pangkat 3- Paglalarawan sa kakayahan ng mga tauhan na lumikha ng katuturan at saysay sa kanilang buhay sa pamamagitan ng makabuluhang pagkilos na ginawa (Eksistensyalismo)




**c) Pangwakas na Gawain**

Sintesis

Pagbubuo ng pangungusap upang magbigay ng kaisipan:

a. Nabatid kong _________
b. Napatunayan kong ____________
c. Ikinalulungkot ko ang __________
d. Ikinatuwa ko ang _______________
e. Naniniwala akong ____________

Ebalwasyon

Pagpili ng gawaing isasagawa:

- Paghahambing – Pag-uugnay ng teksto sa ibang tekstong binasa

- Pagsulat ng reaksyon sa binasa
- Pagsusuri ng pagkamasining ng kwento
- Paglalarawan ng mga kalakasan at kahinaan ng kwento

**IV. Pagpapayamang Gawain**

- Manaliksik tungkol sa alinman sa sumusunod na paksa:
  1. Komprehensibong Programa sa Repormang Agraryo . Iugnay ang nasaliksik sa kaso ng lupain ni Bandong.
  2. Mga legal na paraan upang maproteksyunan ang pagmamay-ari ng lupain.



# BASAHIN

## Ang Pagtuturo ng Pagsulat

Ano ang pagsulat? Bakit pinakahuli ito sa mga prosesong nalilinang sa pagkatuto ng wika?

May mga tuntuning semantik at sintaktik ang wika na isinasaalang-alang natin sa pakikipagtalastasan. Mahalaga ito hindi lamang sa pagtanggap ng mensahe kundi lalo na sa pagpaparating nito. Nakasalalay sa mga nasabing tuntunin ang pagkaunawa sa mensaheng nais iparating. Kaya naman dapat na maging higit na maingat ang sumusulat kaysa nagsasalita sa pagpapahayag ng kanyang mensahe.

**Anu-ano ang mga kasanayan sa pagsulat na lilinangin sa elementarya at sekundarya?**

Sa elementarya, inaasahang malilinang sa mga mag-aaral ang panimulang kasanayan sa pagsulat ng mga titik, pagsulat nang kabit-kabit at may wastong bantas, paggawa ng mga patalastas, anunsyo, poster, liham at babala, pagsulat ng maikling komposisyon, paglikha ng mga sulating pampahayagan at pagbuo ng iskrip, paglalarawan, talumpati at editoryal.

Sa sekundarya, inaasahang malilinang ang kakayahan ng mag-aaral na gumamit ng mga pamamaraang panretorika sa malikhaing pagsulat ng paglalahad, pagpapaliwanag, pagsasalaysay at panghihikayat. Inaasahan ding magagamit nila ang mga batayang kaalamang teknikal sa pagsulat ng mga liham pangangalakal, reaksyong papel, bibliyograpi, rebyu at mga talang pampananaliksik.

## Mga Istratehiya sa Pagtuturo ng Pagsulat

***Panimulang Pagsulat***

Sa mga unang yugto ng pagtuturo ng pagsulat, tinuturuan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng mga titik halos kasabay ng pagkatuto nila ng pag-uugnay ng tunog sa nakasulat na simbolo nito. Isinasaalang-alang sa panimulang pagsulat ang:


1. Kakayahang saykomotor ng mag-aaral–Pagpapagamit ng malaking lapis sa pagsulat
2. Kawalan ng batayang kaalaman ng mag-aaral sa pagsulat--Pagtuturo ng agwat sa pagitan ng mga titik, sukat ng mga bahagi ng letra, direksyon ng lapis sa pagsulat
3. Pangangailangan sa konsistent na pagsasanay sa pagsulat-pagpapasipi, pagsagot ng puzzle at pagdudugtong ng mga tuldok at linya.


***Kontroladong Komposisyon***


Sa mga mag-aaral na nagsisimulang matuto ng pagsulat, isinasagawa ang kontroladong komposisyon. Angkop ang pamamaraang ito sa mga mag-aaral na limitado pa ang talasalitaan at kaalaman sa wika. Nakatutulong ang kontroladong komposisyon upang makadama ng pananagumpay ang mag-aaral sa panimulang pagsulat ng komposisyon. Kabilang sa mga teknik na maaaring gawin ang:



- Pagpuno sa puwang ng mga pangungusap
- Pagbubuo sa tulong ng substitution table
- Pagsagot sa mga patnubay na tanong
- Pagsunod sa nakahandang balangkas
- Padiktang Pagsulat

Naririto ang panimulang bahagi ng isang kontroladong komposisyon sa antas primarya.


Unang  sa 


Masaya ang unang  ko sa aming 

Nakilala ko ang  ko. Marami

akong mga kaklaseng  at  .

May dala kaming  . Sa loob ng  ay

may  ,  at 

Masaya ang unang  ko sa 



## GAWAIN 4.8

Subukin mong gumawa ng sarili mong halimbawa.

***Pinatnubayang Pagsulat***

Sa pamamaraang ito, ang nilalaman at anyo ng mga pangungusap ay hindi itinatakda ng guro. Maaaring lumikha ang klase ng balangkas na susundin sa pagsulat. Sa pisara ay maaari ring isulat ang mga pahayag na magagamit habang nagtatalakayan tungkol sa paksang isusulat. Ang mga isinulat na tala ay maaaring gamiting gabay ng mga mag-aaral sa kanilang pagsulat.

Kabilang sa mga teknik sa pinatnubayang komposisyon ang:

- Pagsulat mula sa patnubay na tulung-tulong na binuo ng klase
- Pagsulat mula sa mga isinulat na tala
- Dikto-Komposisyon-Babasahin nang buo ang komposisyon at ipatatala ang mahahalagang impormasyon dito habang pinakikinggan ng mga mag-aaral. Sa tulong ng mga tala, bubuuing muli ng mga mag-aaral ang komposisyon (Badayos, 1999).



## GAWAIN 4.9

Magpapasulat ka ng isang pinatnubayang komposisyong naglalarawan ng isang magandang tanawin sa ating bansa. Nasa ibaba ang balangkas na maaari mong ipabuo. Anu-anong tanong ang inaasahan mong mabubuo ng mga mag-aaral sa bawat bahagi ng balangkas? Isulat ang mga inaasahang tanong.

**Balangkas ng Pinatnubayang Komposisyon**

I. Panimula

Hal. Saan matatagpuan ang magandang pook na ilalarawan?

II.Paglalarawan

III.Pangwakas

Ngayon ay batid mo na kung paano nagsasagawa ng Pinatnubayang Komposisyon. Magiging madali na sa iyo ang paggamit ng ganitong istratehiya sa hinaharap.

**Malayang Pagsulat:**

**Pagtuturo ng Proseso ng Pagsulat o Process Writing**

Naririto ang mga hakbang sa pagtuturo ng proseso ng pagsulat (Lalunio, 1999).

1. *Panimula*–talakayin ang layunin sa pagsulat, uri ng komposisyon o sulatin at ang target na mambabasa ng susulatin.
2. *Pagsulat ng Burador*–higit na binibigyan ng pansin ang nilalaman kaysa mga sangkap sa pagsulat.
3. *Rebisyon*–muling ipinababasa ang sinulat sa mag-aaral, kamag-aaral o mga kagrupo upang gawan ng kaukulang rebisyon.
4. *Pag-edit*–ginagawan ng kaukulang pagwawasto sa mga sangkap ng pagsulat ng komposisyon.
5. *Paglalathala*–ibinabahagi ng sumulat sa iba ang kanyang isinulat sa pamamagitan ng pagpapaskil sa paskilan, pagsasama sa album, pagbasa ng komposisyon sa klase o paglalathala sa pahayagang pampaaralan.



**TSS 4.5**

Sa hakbang na pag-edit o rebisyon, ano ang higit na dapat pag-ukulan ng pansin: nilalaman o sangkap sa pagsulat? Pangatwiranan ang iyong sagot.

Ngayong batid mo na ang mga batayang kasanayang dapat linangin at mga angkop na istratehiyang gagamitin sa mga aralin, balikan mo ang mahahalagang butil ng kaalamang dapat na lagi mong isaisip.



# DAPAT TANDAAN


- Apat ang makrong kasanayan sa pagtuturo ng Filipino. Batayan ng mga makrong kasanayang lilinangin ang Hanbuk sa Filipino (Elementarya) at Manwal ng Operasyunalisasyon (Sekundarya).
- Alamin sa Mga Patnubay ang pangkalahatang tuon ng pagtuturo sa iyong antas.
- Sikaping maging integratib (nilalaman, gawain, paksa) at inobatib (istratehiya) ang pang-araw-araw na pagtuturo ng iyong aralin.

# ARALIN 5

# *PAGTATAYA AT EBALWASYON: NAGING MATAGUMPAY BA ANG PROSESO NG PAGKATUTO?*

## INTRODUKSYON

Nasusukat ang antas ng pagkatamo ng layuning pampagtuturo sa proseso ng pagtatayang ating ginagawa. Nabibigyang-halaga naman ang antas ng pagkatutong naganap sa pamamagitan ng ebalwasyon o pagmamarka.



## MGA LAYUNIN

Layunin ng araling ito ang mabigyan ka ng mga patnubay na magagamit sa pagsasagawa ng pagtataya at ebalwasyon. Inaasahang sa katapusan ng araling ito, maisasagawa mo ang mga sumusunod:

- Makabubuo ng Talahanayan ng Ispesipikasyon bilang paghahanda sa pagsulat ng isang pagsusulit
- Makagagawa ng pasulat na pagsusulit
- Makabubuo ng rubrik na magagamit sa pagtaya ng performans sa isang kasanayan



## BASAHIN

### Ang Pagtataya sa Klasrum

Tinatawag na Pagtataya ang koleksyon, interpretasyon at paggamit ng impormasyon ng guro upang makagawa ng mabubuting desisyong pangklasrum.

- Tradisyunal na layunin ng pagtataya ang pagsukat ng natutuhan ng mga mag-aaral at paggamit ng resulta sa pagmamarka.
- Pangunahin sa iba pang layunin ng pagtaya ang pagpapaunlad ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

***Anu-ano ang mga Uri ng Pantaya?***

1. *Mga Pasulat na Pagsusulit*
   - May pagpipilian (Multiple Choice)-Tama/Mali, Pagtatapat-tapat
   - Pagbibigay ng sagot-- Pagpupuno sa patlang, maikling sagot
2. *Pasanaysay*
   - Limitado
   - May pagpapaliwanag
3. *Batay sa Performans*
   - Batay sa Produkto–presentasyon, proyekto, pamanahong papel
   - Batay sa Proseso--demonstrasyon, pagsasagawa, simulasyon
   - Oral na Pagtatanong–Eksaminasyong patanong, panayam
4. *Pansariling Ulat o Iba Pang Alternatibo*
   - Dyornal at repleksyon
   - Portfolio

***Paghahanda ng Pasulat na Pagsusulit***

Dalawa ang mahahalagang salik na dapat isaalang-alang sa paghahanda ng pasulat na pagsusulit.

- Kontent–Dapat na batay ito sa mga ekspektasyong nakatala sa Hanbuk ng Elementarya at Manwal ng Sekundarya
- Mga Layuning Kognitib–Pagtaya ng mga kasanayang kognitib, gaya ng inilalahad sa Bloom’s Taxonomy of Cognitive Objectives



# GAWAIN 5.1

Maitatala mo ba ang mga gawain at salitang magagamit sa paghahanda ng mga aytem sa pasulat na pagsusulit batay sa Mga Layuning Kognitib ni Bloom? Ang unang hanay sa grid ay ginawa na para sa iyo.

| *Layunin* | *Gawain* | *Salitang Gamit sa Paghahanda ng Aytem* |
|---|---|---|
| *Kaalaman* | *Pag-alaala ng detalye, konsepto, depinisyon, impormasyon* | *Ilarawan, Itala* |
| *Komprehensyon* | | |
| *Analisis* | | |
| *Aplikasyon* | | |
| *Sintesis* | | |
| *Ebalwasyon* | | |

***Ang Talahanayan ng Ispesipikasyon***

Isang tsart na naglalahad ng mga layunin, bilang ng aytem na isinama sa pagsusulit, bilang na katatagpuan ng aytem at bahagdan ng aytem na isinama sa pagsusulit ang Talahanayan ng Ispesipikasyon.



# GAWAIN 5.2

- Humiram at magsuri ng isang sipi ng lagumang pagsusulit sa alinmang makrong kasanayan mula sa mga may karanasang guro sa inyong paaralan.
    1. Ano ang mga layunin sa pagsusulit na iyong sinuri?
    2. Ang mga aytem ba ay pangkomunikatibo? Pangatwiranan ang iyong sagot.
- Pumili ng isang set ng magkakaugnay na layuning pangwika o panggramatika mula sa iyong Manwal. Maghanda ng isang Talahanayan ng Ispesipikasyon para dito. Gawin ang kaukulang pagsusulit batay sa inihandang ispesipikasyon.
- Pabigyan ng puna sa isang master teacher ang iyong inihandang pagsusulit batay sa
    - ✓ Bahagdan ng aytem na inilaan para sa bawat layunin
    - ✓ Pagkakaayos ng mga aytem ayon sa kahirapan
    - ✓ Tugmaan ng layunin at gawain

Lagyan ng tsek ang kahong natutugunan ng ginawa mong Talahanayan ng Ispesipikasyon.

❑ May kolum ka ba na nagtataglay ng mga kasanayang tatayahin?

❑ May hanay ka ba ng bilang ng aytem na inihanda para sa kasanayan?

❑ Taglay ba ng isa sa mga kolum ang bilang na katatagpuan ng mga aytem na sumusukat ng kasanayan?

❑ May kolum ba na naglalahad ng katumbas na porsyento ng bilang ng aytem?

Kung nakakuha ka ng apat na tsek, ang galling mo! Binabati kita! Makagagawa ka na ng balido at mapagkakatiwalaang pagsusulit na susukat sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa iyong klasrum.

***Pro at Kon: Mga Pasulat na Pagsusulit***

May kabutihan ang paghahanda ng mga pasulat na pagsusulit ngunit may mga dapat ding ingatan sa paggawa ng mga ito.



## TSS 5.1

Anu-ano ang kahinaan ng mga sumusunod na pasulat na pagsusulit?

- Tama/Mali–Madaling iwasto/malaman ang kakayahan ng mag-aaral, ngunit …
- Pagtatapat-tapat (Matching)–Madaling iwasto/kumilala ng ugnayan pero…
- May pagpipilian (Multiple Choice)–Madaling iwasto/ kumilala ng kakayahang mag-isip at kumilala ng pinakatamang sagot, subalit…

***Paghahanda ng Pasanaysay na Pagsusulit***

Higit na madaling ihanda, lumilinang ng kasanayang magpahayag, binubuo, hindi nagbibigay-puwang sa panghuhula at nakapagtataya ng maraming bagay ang mga pagsusulit na pasanaysay.



## TSS 5.2

- Anu-ano ang limitasyon ng pagsusulit na pasanaysay?
- Paano higit na mapabubuti ang paghahanda ng ganitong pagsusulit?

Kung paanong may kagalingan ang ilang pagsusulit, mayroon din naming kahinaan ang mga ito. Upang maging mabisa, mahalagang iangkop ang uri ng pagsusulit na iyong gagamitin sa iyong layunin sa pagtataya.

**Paghahanda ng Pagsusulit na Batay sa Performans**

Nangangailangan ng pagpapamalas ng namamasid na kasanayan o pagbubuo ng isang produkto ang pagtatayang batay sa peformans. Ang pagsusulit na batay sa performans ay tinatawag ding awtentiko o alternatibo sa lapis at papel na pagsusulit.

***Mga Pamamaraang Ginagamit sa Pagtayang Batay sa Performans***

- **Limitado** – target nito ang ilang kasanayan lamang at maaring mangailangan ng maikling sagot (Hal. pagbuo ng grap, pagsagot ng mga tanong hinggil sa balita sa pahayagan).
- **Ekstended** – komplikado, nangangailangan ng maraming impormasyon, may integrasyon ng iba't ibang disiplina (Hal. pagbubuo ng plano sa segregasyon ng basura, pagsasagawa ng katutubong sayaw).

***Mga Kriterya sa Pagpili at Pagbubuo ng Pantayang batay sa Performans***

Isinasaalang-alang ang sumusunod na kriterya sa paggamit ng pantayang batay sa peformans.

- Pagiging awtentiko
- Pagsukat ng iba't ibang kasanayan
- Kakayahang maisagawa
- Kakayahang matutuhan
- Pag-iiskor
- Kawalan ng kiling sa katayuan ng mag-aaral

*Paano Matataya ang Performans?*

- Kilalanin ang kasanayang ipamamalas ng mag-aaral.
- Ilarawan ang gawain, materyales na kailangan, nakalaang panahon ng pagsasagawa.
- Ihanda ang rubrik na pang-iskor ng kriterya, antas ng pagsasagawa at iskor.

***Ano ang rubriks?***

Ito ay isang set ng mga pamantayan sa pagmamarka ng nagkakaibang antas ng produkto at proseso (Taggart, 2003). Dalawa ang uri nito.

- **Holistik** ang rubrik na naglalarawan at nagmamarka ng pangkalahatang proseso o produkto. (Kung nagmamarka ng kakayahan sa pagbasa, inilalarawan nang pabuo ang inaasahang komprehensyon, bilis at kawastuang bumasa ng mag-aaral.)

- **Analitik** ang rubrik na naglalarawan at nagmamarka sa kalidad ng produkto o proseso ng pagsasagawa. (Kung nagmamarka ng kakayahan sa pagbasa, isinasaalang–alang na maaaring mahusay/di-mahusay ang kanyang komprehensyon, mabilis o mabagal siyang kumilala ng mga salita at marami o wala siyang kamalian sa pagbasa.)



## GAWAIN 5.3

- Manaliksik at magsuri ng paraan ng pagsasagawa ng analitik at holistic na rubrik. Suriin kung paano binuo ang mga ito.
- Gumawa ng isang holistik na rubrik na tataya sa kakayahan sa pagbasang pabigkas ng mga mag-aaral. Paano mo gagawin ang deskripsyon sa Napakahusay, Mahusay, Di-gaanong Mahusay at Nangangailangan ng Tulong na Mambabasa? Suriin ang kanilang kasanayan sa bilis, katiyakan at komprehenyon ng binabasa.
- Bumuo ng analitik na rubrik sa pagbasang pabigkas na ginagamit ang mga kriterya ng bilis, katiyakan at komprehensyon.
- Paghambingin ang dalawang rubrik na nabuo. Ano ang kabutihan/kakulangan sa paggamit ng bawat isa bilang pantaya ng performans?

| Holistik na Rubrik sa Pagbasa ng Pabigkas | |
|---|---|
| **Marka** | **Deskripsyon** |
| **Napakahusay** | |
| **Mahusay** | |
| **Di-gaanong Mahusay** | |
| **Nangangailangan ng Tulong** | |



# BASAHIN

## *Paghahanda ng Eksaminasyong Oral*

Mahalaga ang oral na eksaminasyon upang mataya agad ang kakayahan ng mag-aaral na sagutin ang mga katanungang pantaya ng guro. Kung minsan ang panayam, oral na depensa ng pamanahong papel, resitasyong minamarkahan, ay kinikilalang mga porma ng oral na eksaminasyon.

### *Iba Pang Alternatibong Pantaya*

*Dyornal at repleksyon*

Itinatala ng mga mag-aaral sa dyornal ang mahahalagang pangyayaring nagaganap na naglalarawan ng kanyang pagkatuto. Sa repleksyon naman ay itinatala din ang pagkatutong naganap ngunit higit na inilalarawan ang prosesong naganap na nakatulong sa kanyang pagkatuto.

**Analitik na Rubrik sa Pagbasa**

| | Bilis | Katiyakan | Komprehensyon |
|---|---|---|---|
| Napakahusay | | | |
| Mahusay | | | |
| Di-gaanong Mahusay | | | |
| Nangangailangan ng Tulong | | | |

Makatutulong ang mga dyornal sa pagtawag ng pansin ng guro sa reaksyon ng mga mag-aaral sa paksang-aralin at maging sa mga nagaganap na pamamaraan ng pagkatuto.

***Portfolio***

Ito ay isang koleksyon ng mga gawain ng mag-aaral na nagpapakita ng kanyang mga pagsisikap at pag-unlad (Wiggins, 1990). Maaaring magtaglay ito ng kanyang mga komposisyon, tesis, pamanahong papel at iba pang proyektong pasulat. Pati mga burador ay maaaring ilagay sa portfolio upang maipakita ang gradwal na pag-unlad ng mag-aaral.



## GAWAIN 5.4

- Anu-anong mahahalagang kabatiran/kasanayan ang natutuhan mo sa araling ito?
- Paano ka magagabayan ng iyong natutuhan?

Maligayang bati! Sa pagtatapos mo ng araling ito, magagamit mo na ang iba't ibang uri ng pagtataya upang mapaunlad ang sitwasyon ng pagkatuto sa iyong klase.

Bago mo iwan ang Aralin 5, tunghayan mo ang ilang bagay na dapat mong tandaan.



## DAPAT TANDAAN

- Kabilang sa mahahalagang layunin ng pagtataya ang pagbibigay ng basehan sa pagpapabuti ng proseso ng pagkatuto, gayundin ang pagmamarka o ebalwasyon ng pag-unlad ng mag-aaral.
- Gumamit ng angkop na pagtatayang mabisang susukat sa pagkatamo ng iyong layunin.
- Isaalang-alang mo ang kontent at layuning kognitib sa iyong mga pasulat na pagsusulit.
- Gumawa ng Talahanayan ng Ispesipikasyon upang maging gabay sa mabisang pasulat na pagsusulit.
- Gumamit din ng ng mga awtentiko at alternatibong pantayang tulad ng portfolio, tseklist, rubrik, dyornal at repleksyon upang mataya ang pag-unlad ng proseso at produkto ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

# GLOSARI

*Akademik.* May kinalaman sa pag-aaral o edukasyon.

*Analitik.* Nauukol sa hinimay na sinuring mga komponent.

*Awtentiko.* Tunay na bagay, babasahin o pamamaraan ng pagtaya.

*Ekstrinsik.* Tumutukoy sa panlabas na bagay , salik o elemento.

*Holistik.* Tumutukoy sa pabuo o kabuuan.

*Intrinsik.* Tumutukoy sa panloob na bagay, salik o elemento.

*Istruktura.* Kayarian o pagkakabuo ng wika.

*Kontent.* Nauukol sa nilalaman.

*Lapit.* Maaari ring tawaging dulog; set ng mga pagpapalagay hinggil sa kalikasan ng wika, pagkatuto at pagtuturo.

*Pagtataya.* Sistema ng pagkalap ng impormasyong magiging batayan ng pagsusuri ng kinalabasan ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

*Pamamaraan*. Panlahat na pagpaplano para sa sistematikong paglalahad at paglinang ng wika at nababatay sa dulog o lapit.

*Peminismo.* Nauukol sa paksang pangkababaihan

*Portfolyo.* Koleksyon ng mga gawain na nagpapakita ng kalipunan ng mga gawain ng mag-aaral.

*Rubrik.* Set ng mga pamantayan sa pagmamarka ng nagkakaibang antas ng produkto at proseso ng pagkatuto.

*Salik*. Mga elemento o komponent; kadalasang tinutukoy kapag pinag-uusapan ang mga bagay na nakaaapekto

*Teknik.* Mga tiyak na gawain na malinaw na makikita sa pagtuturo at naaayon o tumutugon sa pamamaraan o dulog.

*Teorya.* Set ng mga paniniwalang kadalasan ay batay sa obserbasyon, analisis at pag-aaral.

# SUSI SA PAGWAWASTO (PANIMULANG PAGSUSULIT)

**Bahagi I**

1. Ang wika ay arbitraryong sistema ng mga tunog na ginagamit sa paghahatid at pagtanggap ng mensahe.
2. Mag-aaral, Guro, Kagamitan, Istratehiya at Pagtataya
3. Binibigyang-diin ng tradisyunal na pamamaraan ang istruktura.
4. Binibigyang-diin ng kontemporaryong pamamaraan ang kakayahang komunikatibo
5. Kakayahang akademik-gamit ng wika sa pagkatuto o akademik na layunin

   Batayang Interpersonal – gamit ng wika sa pakikipagtalastasan
6. C
7. A
8. B
9. Pagsulat
10. Pagsasalita
11. Pagbasa
12. Pakikinig
13. B
14. D
15. C
16. C
17. B
18. A
19. B, C, D
20. A, C, D

# SUSI SA PAGWAWASTO

## Aralin 1- Paano Ba Tayo Natuto ng Wika?

**TSS 1.1**

Gagabayan ka ng kaalamang dapat ay laging nililinang ang apat na aspekto ng komunikasyon sa pagtuturo ng asignatura.

**TSS 1.2**

- Higit na mabilis at mabisa ang pagkatuto kung angkop sa talino ng mag-aaral ang mga gawain sa pag-aaral.
- Magsagawa ng pangkatang gawain ayon sa interes o talino ng mga mag-aaral.

**TSS 1.3**

- Epektibo ang sumusunod na mga materyal.
  a. realia
  b. awtentikong material
  c. mga larawan
  d. grapikong pantulong
  e. lokal na material
  f. gawa ng guro
- Realia ang mga tunay na bagay.
- Awtentiko ang mga material na hindi binago mula sa orihinal na pagkasulat gaya ng komersyal, alamat, kwentong-bayan, pabula, editorial, ulat balita, atbp.

**Gawain 1.1** (Inaasahang sagot)

- **Pakikinig** - Komprehensib na pakikinig, Kritikal na pakikinig, mapagpahalagang pakikinig
- **Pagsasalita** - Pagsasalaysay, Readers Theater, KWL Tsart, Talakayan, Interbyu, Debate, Pagsasadula
- **Pagbasa** - Phonemic Awareness, Group Mapping, Ugnayang Tanong-Sagot, Pinatnubayang Pagbabasa, Pag-iisip, Think-Aloud, Story Grammar, Pagdulog Historikal, Sosyolohikal, Moralistik, Istaylistiko,Peminismo.
- **Pagsulat** - Panimulang Pagsulat, Kontroladong Komposisyon, Dikto-Komp, Malayang Pagsulat

**Gawain 1.2**

**Mga Batayan ng Pasulat na Pagsusulit**

1. Quiz
2. Lagumang Pagsusulit
3. Peryodikal na Pagsusulit

Mga Batayan ng Alternatibong Pantaya

1. Kathang Pormal at Impormal
2. Proyekto
3. Mga Ulat na Binasa
4. Portfolio
5. Pagtatanghal

## Aralin 2—Ugnayan: Mga Teorya at Simulaing Pangwika sa mga Lapit at Dulog

**TSS 2.1**

**Implikasyon ng mga Teorya**

*Batay sa gawi* - Laging gumamit ng mga pangganyak na gawain at pagsasanay

*Batay sa Kalikasan ng Mag-aaral* - Gawing kawili-wili at ibagay sa totoong sitwasyon ang mga gawain at ibagay sa totoong sitwasyon ang Gawain.

*Kognitib* - Iangkop sa talino ng mga mag-aaral ang mga gawain. Gawin ang mga tuntunin sa pinag-aralan o magsimula dito (Pabuod at Pasaklaw na Pagtuturo).

*Makatao* - Gawing kawili-wili ang kapaligiran at isaalang-alang ang positibong pagtrato sa mag-aaral at pagkakaroon nila ng positibong saloobin.

## GAWAIN 2.1

| Mga Hakbang sa **Pamaraang Pabuod** | Mga Hakbang sa **Pamaraang Pasaklaw** |
|---|---|
| A. Pamukaw-siglang Gawain | A. Pamukaw-siglang Gawain |
| B. Pagsasanay | B. Pagsasanay |
| C. Balik-aral | C. Balik-aral |
| D. Paglalahad ng Aralin | D. Paglalahad ng tuntunin |
| E. Pagsusuri ng Kasanayan | E. Pagbibigay ng Halimbawa |
| F. Paglalahat | F. Paglalapat/Pagsasanay |
| G. Paglalapat | G. Pantiyak na Pagsusulit |
| H. Pantiyak na pagsusulit | |

## TSS 2.2

**Tradisyunal na Teorya -** Nagbibigay diin sa mga tuntunin, istruktura, kayarian ng wika. Ito ay preskriptib.

**Kasalukuyang Teorya -** Binibigyang halaga ang gamit ng wika sa angkop na sitwasyon, pagkakataon at panahon

## TSS 2.3

- Nakatutulong ang mga namamayaning pamaraan at pagdulog pagkat ang mga mag-aaral ngayon ay mabilis na naangkop sa mga pagkakataon sa paggamit ng wika lalo na sa aspekto ng paggamit (fluency).

- Mahalaga sa pagkatuto ng mga akademik na aralin ang sumusunod na mga kasanayang komunikatibo:
  - ✓ Pakikinig
  - ✓ Pagtatala
  - ✓ Pagkuha ng detalye
  - ✓ Pag-transkowd ng mapa, grap, tsart
  - ✓ Pag-uulat/Pagsulat ng Ulat
  - ✓ Pagbubuod
  - ✓ Pag-unawa ng binasa
  - ✓ Pagpapanayam
  - ✓ Pagsali sa diskusyon
  - ✓ Pagkuha ng tala
  - ✓ Diktasyon
- Nagiging matagumpay ang pagkatuto sa ibang araling akademiko kung may sapat na kasanayang komunikatibo ang mag-aaral.
- Pag-aangkop ng wikang ginamit sa
  - Taong kausap - Ibinabagay ang pagsasalita sa edad, kasarian, posisyon ng taong kausap
  - Pook ng usapan - Iba ang wikang gamit sa klasrum, kalye, tahanan, atbp.
  - Sitwasyon - Nag-iiba ang usapan kapag nasa kalye, talakayan, palengke, simbahan
  - Paksang pinag-uusapan - Iniaayon ang wika sa talakay (pulitika, relihiyon, literatura, gawain)
- Hindi lamang sa pagkatuto mahalaga ang wika. Kailangan din ito sa pakikisalamuha sa kapwa.

**GAWAIN 2.2**

Mahalagang ang pananaw na itinala ng bagong guro ay ukol sa kahalagahan ng paglalapat ng mga teoryang pangwika sa pagtuturo ng guro at pagkatuto ng mag-aaral ng wika.

## Aralin 3-Sa Unang Araw ng Pagtuturo Paano ka Magsisimula?

**GAWAIN 3.1**

- Nasa mga unang pahina ang deskripsyon, nakalaang oras at inaasahang bunga ng mga aralin sa Filipino, sa bawat grado/taon.
- Nahahati ang mga kasanayan ayon sa aspekto ng komunikasyon at nakaayos ayon sa kahirapan.
- Pillin ang mga kasanayang kasunod ng naunang nilinang na kasanayan.
- Sa pag-tsek ng isinulat na layunin, tingnan kung ginawa ang sumusunod:

  **Kognitib** - nakatala ang kaalaman, kasanayang inaasahang matututuhan.

  **Afektib** - nakatala ang mabuting saloobin, pagpapahalagang malilinang.

  **Saykomotor** — nakatala ang gawaing manipulatib na isasagawa.

**GAWAIN 3.2**

Pagsagot ng tseklist sa pahina 22 ayon sa piniling banghay-aralin sa Manwal.

**TSS 3.1**

**Bahaging Naghahanda** - Pamukaw-sigla, Pagsasanay, Balik-aral, paghahawan ng balakid, Pangganyak na Tanong.

**Bahaging Nagtuturo** - Pagbasa ng lunsarang teksto, Paglalahad, Pagsusuri, Paglalahat, Paglalapat, Pagsasanay.

**Bahaging Nagtataya** - Pantiyak na Pagsubok, Tseklist, Rubrik.

**Bahaging Nagbibigay**-lunas/Nagpapayaman - Pagwawasto ng mga kamalian sa Pagsasanay, Muling Pagtuturo, Remedyal na Gawain, Takdang-aralin.

**TSS 3.2**

Kahit saang bahagi ng aralin ay maituturo ang balyu o saloobin. Mabisa iyong natatalakay sa komprehensyon ng binasa at pagsagot ng mapanuring tanong. Maari din itong ilagom sa pagbuo ng paglalahat.

**GAWAIN 3.3**

Mahalagang mapansin ng guro ang sumusunod:

- **Mga Layunin**

  Nasusulat at tiyak

  May kognitib, afektib at saykomotor na aspekto
- **Paksa**

  Naglalaman ng Pamagat/Paksa ng Aralin, Mga Kagamitan at Balyu
- **Mga Gawain**

  Nahahati sa Panimula, Gawain, Pangwakas na Gawain

  May bahaging naghahanda, nagtuturo, naglalapat, nagtataya, nagbibigay-lunas o nagpapayaman
- **Pagtataya at Aplikasyon**

  Iba-ibang gawain sa paggamit ng kasanayan
- **Takdang-Aralin**

  Nagbibigay ng pagkakataon sa paglinang at pagpapayaman ng natutuhan
- **Paglinang ng Balyu**

  May kaugnayan sa paksang tinalakay

**TSS 3.3**

Sa repleksyon dapat isulat ang mga obserbasyon ng guro sa proseso ng pagkatuto na naganap sa klase. Maitatala niya ang sariling pagkatuto upang sa

ibang pagkakataon ay maging batayan ng pagpapabuti ng sariling kasanayan bilang guro.

**GAWAIN 3.4**

Pagsulat ng banghay-aralin

Pabigyang-puna sa master teacher ang pagkasulat ng:

1. Layunin
2. Paksa
3. Mga Gawain
4. Paglalapat
5. Takdang aralin

## Aralin 4--Ang Batayang Kurikulum, Mga Makrong Kasanayan at mga Istratehiyang Pampagtuturo

## GAWAIN 4.1

| | Elementarya | Sekundarya |
|---|---|---|
| Pangunahing Dahilan | Masusing pagkilatis at pag-unawa ng pinakinggan<br>Wastong pagbigkas, pagpapahayag at istrukturang panggramatika<br>Mahusay na pagpapalawak ng talasalitaan, pagkilala ng salita, pag-unawa at kasanayan sa pananaliksik<br>Pagpapaganda ng sulat kamay, kasiglahan sa antas ng pagkatha | Ituring ang wika bilang sabjek pangwika<br><br>Magamit ang wika bilang wikang pangklasrum sa ibang sabjek |
| Implikasyon sa Guro | Magiging pangkalahatang gabay ang mga pangunahing dahilan sa paghahanda ng mga aralin sa Filipino | |

| | | |
|---|---|---|
| Batayang Konseptwal sa Pagtuturo ng Filipino | Kasanayang Komunikatibo<br><br>Wika sa Interpersonal na Komunikasyon<br><br>Wika sa Akademikong Pagkatuto | Kasanayang Komunikatibo<br><br>Wika sa Interpersonal na Komunikasyon<br><br>Wika sa Iskolarling Pakikipagtalastasan |
| Inaasahang Bunga sa Bawat Taon | Naaayon ang sagot sa antas na kinabibilangan ng bagong guro | |
| | Tingnan sa pahina 2 ng Hanbuk(Antas Elementarya) ang kasagutan | Tingnan sa pahina 3 ng Patnubay sa Operasyunalisasyon ang kasagutan |

**TSS 4.1**

- Nahahati sa Pakikinig, Pagsasalita, Pagbasa at Pagsulat ang mga Kasanayan.
- May mga kasanayang nagsisimula sa Baitang 1 at nagpapatuloy hanggang Baitang VI. Lubhang mahalaga ang mga kasanayang ito kaya't taon-taon ay nalilinang sa papahirap na antas.
- May mga kasanayang sa Baitang III na sinisimulan. May kahirapan ang mga kasanayang ito at hindi masisimulan sa Unang Baitang.

**GAWAIN 4.2**

| Gawain | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Nabuo bang muli ang paglalarawan? | | |
| 2. Naisaayos ba ang mga kaisipan/detalye ayon sa nilalaman ng paglalarawan? | | |
| 3. Mabisa bang nagamit ang mga salitang naglalarawan? | | |
| (Sekundarya lamang)<br>4. Nagamit ba nang wasto ang mga sangkap sa pagsulat? | | |
| 5. Naging magalang ba sa pakikinig ang mga mag-aaral? | | |

**GAWAIN 4.3**

1. Pagpapaliwanag ng Gawain
2. Paglalarawan ng Balakid
3. Aktwal na Pakikinig at Pagkuha ng Detalye
4. Pagbibigay ng Detalyeng Itinala
5. Pagbibigay-puna sa Proseso
6. Karagdagang Pagsasanay

**TSS 4.2**

**Elementarya—**Nakatuon ang layunin sa paggamit ng ibat ibang bahagi ng pananalita sa pakikipagtalastasan.

**Sekundarya**—Nakatuon ang layunin sa pagkilala at mabisang paggamit nito sa iba't ibang teksto kabilang na ang iskolarling pakikipagtalastasan.

**TSS 4.3**

**1**

- Iwasan ang pagpuna sa kamaliang gramatikal.
- Maging modelo ng wastong gamit ng wika.

**2**

- Magsagawa ng mga gawaing interaktibo.
- Purihin at bigyang-motibasyon ang makikilahok.
- Panatilihing payapa ang kaligiran ng pag-aaral.
- Magbigay ng mga positibong fidbak.

**GAWAIN 4.4**

Ayon sa namasid ng guro sa klase ang mga kasagutan. Ihanay ang mga punto ng obserbasyon sa positibo at negatibo.

Halimbawa:

| Positibo | Negatibo |
|---|---|
| Paggamit ng katagang Magaling! Mahusay!, atbp. | Pagbibigay-diin sa maling pahayag |
| Pagmomodelo ng mabuting istruktura | Paggamit ng katagang Mali, Malabo, atbp. |
| Pagbibigay ng angkop na panahon sa nagpapahayag | Pagpapatigil sa nagsasalita |
| Interaktibong gawain | Mula sa guro lamang ang mga tanong |

**TSS 4.4**

- **Istruktural**
  1. Pagpapakilala ng tunog
  2. Pag-uugnay ng tunog sa simbolo (titik)
  3. Pagsusuri ng anyo ng titik
  4. Pagsasanay sa pagkilala ng titik
  5. Pagsulat ng titik

- **Ponemik**
  1. Pagpapakilala ng tunog
  2. Pag-uugnay ng tunog sa simbolo (titik)
  3. Pagbasa ng mga simbolo
  4. Pagsasanay sa pagkilala ng titik na kaugnay ng tunog
  5. Pagsulat ng simbolo ng tunog

**GAWAIN 4.5**

Isagawa ang sumusunod na mga hakbang:

1. Paghahawan ng Balakid
2. Pagbasa ng Teksto
3. Pagsagot ng mga Tanong sa Komprehensyon
4. Paglinang ng Kasanayan

    Pagsagot ng mga Tanong na Nauukol sa Bunga:

    Ano ang naging bunga ng _____?

    Ano ang kinahinatnan ng _____?

    Ano ang epekto ng _____?

    Pagsagot ng mga Tanong na Nauukol sa Sanhi.


    Bakit _____?

    Ano ang sanhi ng _____?

5. Paglalahat
6. Paglalapat

    Paggamit ng mga Grapikong Pantulong

| Sanhi | Bunga |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |




**GAWAIN 4.6**

Ang kasagutan ay naayon sa obserbasyon ng bagong guro. Ilan sa mga grapikong pantulong na maaring mamasid ay ang sumusunod:

1. Sayklikal na Tsart
2. KWL
3. Brainstorming Tsart
4. Hirarkikal na Tsart
5. Dayagram na Venn
6. Konseptwal na Tsart

**GAWAIN 4.7**

| Mga Mungkahing Tanong | |
|---|---|
| **Historikal na Dulog** | **Sosyolohikal na dulog** |
| 1. Sa anong panahon ng kasaysayan naganap ang kwento? | 1. Anu-anong sakit panlipunan ang inilalarawan ng mga pangyayari sa kwento? |
| 2. Anu-ano ang mga nagaganap sa Maynila ng panahong ito ng kasaysayan? | 2. Nalulunasan na ba ang mga sakit panlipunang nabanggit? Ipaliwanag. |
| 3. Inilalarawan ba ng akda ang mga kaganapan sa panahong ito ng kasaysayan? Magbigay ng halimbawa. | 3. Magbigay ng kalutasan ng mga sakit panlipunan sa katha na hanggang sa ngayon ay nananatili. |

**GAWAIN 4.8**

Halimbawang talata ng kontroladong komposisyon.

Sa antas Primarya:

1. Pagpupuno ng patlang
2. Substitution table
3. Kontroladong komposisiyon na may larawan

Sa antas Intermedya:

1. Pagsagot sa mga patnubay na mga tanong
2. Pagsunod sa balangkas
3. Dikto-komposisyon

Sa antas Sekundaya:

1. Pagsunod sa balangkas
2. Dikto-komposisyon

**GAWAIN 4.9**

i. Panimula
   a. Saan matatagpuan ang pook na inilalarawan
   b. Bakit kilala ang pook na ito?
   c. Anu-ano ang mga taguri sa pook?
ii. Paglalarawan
   a. Anu-ano ang magagandang tanawin sa pook?
   b. Paano ilalarawan ang mga bagay na matatagpuan dito?
   c. Bakit naiiba ang mga tanawin dito sa iba pang tanawin?
iii. Pangwakas
   a. Paano mapahahalagahan ang pook?

**TSS 4.5**

Higit na bigyang pansin ang nilalaman ng akda sa pag-edit o rebisyon. Alamin kung:

a. May mga sapat na pahayag na tumatalakay ng pangkalahatang paksa
b. Ang nilalaman ay angkop sa paksa
c. Naka-organisa sa lohikal na ayos ang nilalaman ng akda

Ang pagwawasto ng sangkap o mekaniks ng akda ay isa lamang aspekto sa pagpapakinis ng katha. Pangunahin pa ring konsiderasyon ang nilalaman ng akda.

## ARALIN 5--Pagtataya at Ebalwasyon: Naging Matagumpay Ba ang Proseso ng Pagkatuto

### GAWAIN 5.1

| Layunin | Gawain | Salitang gamit sa Paghahanda ng Aytem |
|---|---|---|
| Kaalaman | Pag-aalala ng detalye, konsepto, depinisyon, impormasyon | Ilarawan , Itala, Bigyang Katuturan, Ituro, Pagtapatin, Kilalanin, Iugnay, Salungguhitan |
| Komprehensyon | Pag-unawa, Pag-ugnay ng kaalaman, Pagpapakahulugan, Pag-aayos, Pagpapangkat, Paghihinuha | Pangkatin, Ayusin, Ilarawan, Ipaliwanag, Ihayag, Magbigay ng halimbawa, Bigyang-kahulugan, Layunin, Isalin |
| Analisis | Pagkilala ng hulwaran, Pag-aayos ng mga bahagi, Pagkilala ng nakapaloob na kahulugan, Pagkilala ng bahagi | Suriin ,Tiyakin, Isaayos, Paghambingin, Bigyang-puna,Tuklasin, Mag-imbentaryo, Lutasin, Alamin, Sulatin |
| Aplikasyon | Paggamit ng impormasyon , pamamaraan, konsepto at teorya, paglutas ng suliranin | Gamitin , Buuin, Isadula, Ilarawan, Bigyang-kahulugan, Pagsanayin, Iguhit, Lutasin, Alamin, Sulatin |
| SIntesis | Paggamit ng Dating Ideya sa Pagbuo ng Bago, Pagbuo ng Paglalahat, Pag-ugnay ng mga Kaalaman, Pagbuo ng Konklusyon, Prediksyon | Isaayos, Buuin, Pag-ugnayin, Lumikha, Magdisenyo, Isaayos, Magplano, Lagumin |
| Ebalwasyon | Paghahambing ng mga Ideya, Pagtaya ng mga Teorya, Pagdedesisyon batay sa Argumento, Pagpapahalaga sa Ebidensya | Tayahin, Pangatwiranan, Bigyang-halaga, Piliin, Ikritik, Idepensa, Isaayos, Maghinuha, Suportahan |

**GAWAIN 5.2**

Tingnan kung ang binuong Talahanayan ng Ispesipikasyon ay nagtataglay ng sumusunod:

**Tahanayan ng Ispesipiksyon**

| Mga Layunin/Kasanayan | Bilang ng Aytem | Dami ng Aytem | Bahagdan ng Aytem sa Pagsusulit |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| **Kabuuan** | **1-25** | **25** | **100%** |

**TSS 5.1**

- **Tama/Mali**

  Maaring manghula lamang ng sagot ang mga mag-aaral

  Hindi mataya ang mapanuring pag-iisip

- Pagtatapat-tapat

  Mahirap buuin

  Maaring hulaan

- May pagpipilian

  Matagal buuin

  Bihirang mataya ang mataas na antas ng pag-iisip

  Nangangailangan ng husay sa pagbuo ng distractor (aytem na nakalilito)

**TSS 5.2**

- **Mga Limitasyon ng Pagsusulit na Pasanaysay**
    1. Mahirap iwasto at markahan
    2. Limitado ang nilalaman na maaring tayahin
    3. Naaapektuhan ang iskor ng pangkalahatang impresyon sa pagkakasulat o sumulat
    4. Matagal makuha ang resulta
- Pagpapabuti ng Pagsusulit Pasanaysay
    1. Limitahan ang gamit sa kung saan lamang ito angkop ipantaya
    2. Bigyan ng takdang oras ng pagsagot
    3. Ipaliwanag ang mga inaasahang pahayag, puntos na ibibigay
    4. Gumamit ng tseklist o rubrik sa pagtse-tsek

**GAWAIN 5.3**

| **Holistik na Rubrik sa Pagbasang Pabigkas** | |
|---|---|
| Napakahusay (8-10 o 100%) | Nabasa ang kwento nang una sa takdang panahon.Lahat ng salita ay nabasa nang wasto.Lahat ng tanong ay nasagot nang wasto. |
| Mahusay (6-7 o 90%) | Nabasa ang kwento sa takdang panahon. 1-3 salita ay binasa nang mali. 1 pagkakamali sa pagsagot ng tanong |
| Di-gaanong Mahusay (4-5 o 80%) | Nabasa ang kwento nang lampas ng ilang segundo sa takdang panahon. 4-6 salita ay binasa nang mali. 2-3 pagkakamali sa pagsagot ng tanong |
| Nangangailangan ng tulong (0-3 o 70%) | Nabasa ang kwento nang lampas ng isang minuto sa takdang panahon. Mahigit sa 7 salita ang binasa nang mali. 4-5 pagkakamali sa pagsagot ng tanong |

| Analitik na Rubrik sa Pagbasang Pabigkas | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Napakahusay | Mahusay | Di-gaanong mahusay | Nangangailangan Ng Tulong |
| Bilis (3) | Binasa ang kwento bago matapos ang takdang panahon (3) | Binasa ang kwento nang ayon sa takdang panahon (2) | Binasa ang kwento nang lampas ng ilang segundo sa takdang panahon (1) | Binasa ang kwento nang lampas ng isang minuto sa takdang panahon (0) |
| Kawastuan (3) | Lahat ng salita ay binasa ng wasto (3) | 1-3 salita ang di-nabasa nang wasto (2) | 4-6 salita ang di-nabasa nang wasto (1) | 7 o higit pang salita ang di-nabasa nang wasto (0) |
| Komprehensyon /Pag-unawa | Lahat ng tanong ay nasagot nang wasto (4) | 1 tanong ang di-nasagot nang wasto (3) | 2-3 tanong ang di-nasagot nang wasto (2) | 4 o higit pang tanong ang di-nasagot nang wasto (1-0) |

**Interpretasyon** **8-10—100% Napakahusay**
**6-7—90% Mahusay**
**4-5—80% Di-gaanong Mahusay**
**0-3—70% Nangangailangan ng Tulong**

**GAWAIN 5.4**

Tingnan kung ang inilalahad na kabatiran ay naayon sa mga konseptong ugnay sa pagtaya/ebalwasyon ng pagkatuto.

Maaring mabisang gabay ang mga natutuhan sa tsapter na ito kung:

1. Gagamitin sa pagpapabuti ng proseso ng pagkatuto
2. Bubuo ng pagtatayang angkop sa layuning nilinang/itinuro
3. Gagamit ng Talahanayan ng Ispesipikasyon sa pagbubuo ng pagsusulit
4. Gagamit ng iba't ibang awtentikong pantaya sa ebalwasyon ng pagkatuto

# BIBLIYOGRAFI

## *Mga Aklat*

Badayos, Paquito B. Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika: Mga Teorya, Simulain at Istratehiya, Grandwater Publications and Research Corp. Makati. 1999. (Isang aklat na para sa mga datihan at bagong gurong nangangailangan ng tulong hinggil sa pagharap ng mga klaseng pangwika).

Finocchiaro, Mary & Christopher Brumfit, The Functional-Notional Approach: From Theory to Practice, Oxford University Press. 1986. (Aklat na naglarawan ng mga metodolohiya at pagdulog sa pagtuturo ng wika, lalo na sa pangalawang wika).

Morrow, Lesley Mandel, Evelyn Sharkey & William Firestone. Collaborative Learning Strategies in Language Arts Integrated Language Arts: Controversy to Consensus, Lesley Mandel Morrow, Jeffrey K. Smith & Louis Cherry Wilkinson, Eds. Simon and Schuster Inc. Massachusetts: 1993. (Aklat na nagtataglay ng mga istratehiyang gumagamit ng kolaborasyon sa klasrum pangwika).

Papa, Nenita P. Wikang Filipino sa Iba't Ibang Disiplina. National Book Store, Maynila: 1991..(Aklat na nagpapaliwanag ng mga istratehiyang angkop gamitin sa iba't ibang aralin).

Temple, Charles & Jean Wallace. Language and Literacy: A Lively Approach.

Gillet, Harper and Collins. 1996. (Aklat na naglalahad ng mga kawili-wiling istratehiya sa pagtuturo ng wika).

Tompkins, Gail E. Language Arts Content and Teaching Strategies, Prentice Hall: Simon and Schuster, 4th ed. 1998. (Aklat na nagtataglay ng kalipunan ng mga lektyur sa sistema ng wika, mga emerjent na mambabasa, mga makrong kasanayan sa wika at mga istratehiya sa pagtuturo).

Westphal, Judith. & Irwin. Temple, Charles & Jean Wallace. Language and Literacy: A Lively Approach. Gillet, Harper and Collins. 1996. (Aklat na naglalahad ng mga kawili-wiling istratehiya sa pagtuturo ng wika).

## Publikasyon

Basic Education Curriculum Handbook sa Filipino, Elementarya. DepEd, Pasig, 2002. (Manwal na nagtataglay ng deskripsyon, oras, inaasahang bunga, sunud-sunod na aralin, mga kasanayan at banghay-aralin sa Filipino, antas elementarya).

Patnubay sa Operasyunalisasyon ng Filipino sa Batayang Edukasyon , Level Sekondari , Kawanihan ng Edukasyon, Sekondari, DepEd , Pasig, 2002. (Handbuk na nagbibigay ng pangkalahatang pananaw sa programa ng Filipino sa level Sekondari).

## Artikulo

Lalunio, Lydia P. “Makabagong Istratehiya at Teknik sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagsulat.” Hasik, Mayo, 1998. Bolyum 1. Blg 1. (Artikulong nagpapaliwanag ng mga hakbang sa pagtuturo ng proseso ng pagpapasulat sa klasrum).

Taggart, Germaine L., Sandra J. Phifer, Judy A. Nixon, & Marilyn Wood.

Rubrics: A Handbook for Construction and Use of Rubrics. Technomic Publishing Kansas City. 2003. (Publikasyong naglalarawan ng kahalagahan at teknik sa paggamit ng rubriks na batay sa kolaborasyon).

Wiggins, Grant. The Case for Authentic Assessment. Eric Digest. 1990. http// Ericae.net.edo ED 328611 11.htm (Artikulong nagpapaliwanag ng awtentik na pagtataya at kahalagahan nito).